

1

Buntis. Umugong ang salitang iyon sa ulo niya at sumibol ang butil ng pawis sa kanyang mukha. Impossible, pero totoo. Isang beses. Nakipagtalik siya nang isang beses at ito ang nangyari.

Inilagan ni Abby ang isa pang nanghahagilap na kamay at kumilos patungo sa table four habang binabalanse sa kanyang balakang ang tray na may lamang mga inumin. Bahagya lamang nag-angat ng tingin ang tatlong lalaking pinagsilbihan niya, at okay iyon sa kanya. Mas gusto niya na tratuhin siya na parang hindi nakikita kaysa makipagbunuan sa mga ito. Para sa kanya, walang middle ground—igagalang ka o babastusin ka.

Ipinamahagi niya ang mga bote ng beer, inilagay ang isa sa harap ng natatanging bakanteng upuan sa mesa. Ang Biyernes at Sabado nights sa *Delly's* ay laging maingay at matao dahil iyon lang ang pinakamalapit na taverna na may dance floor at live music.

Dinampot niya ang ashtray mula sa mesa at ibinubo ang laman niyon sa nasa kanyang tray. Sinalakay ng amoy ng sigarilyo ang kanyang ilong.

Umalimbukay ang sikmura niya at ipinikit niya ang mga mata, pinipilit na kumalma ang tiyan. Maghapon niyang nararanasan iyon at sa bawat pagkakataon ay tila palala iyon nang palala. Kung iyon ang pakikisamahan niya sa loob ng darating na pito't kalahating buwan, baka hindi siya magtagal. Hindi na niya gugustuhing magtagal.

Dumako ang tingin niya sa dance floor. Hindi ito mahirap hanapin. Si Tate McCullom ang pinakamatangkad na lalaki roon. Hindi ito ang pinakaguwapo, kung ang tipo mo ay iyong suwabe at professional na hitsura ng isang modelo, pero tamang-tama lang ang rugged appeal nito para makaakit ng atensyon ng maraming kababaihan.

Kahit mula sa kinatatayuan ay nadarama niya ang puwersa ng asul nitong mga mata nang mag-angat ito ng tingin at masusi siyang pag-aralan sa ibabaw ng ulo ng babaeng hawak nito sa mga bisig. Si Diane. Fiancée nito.

Ibinaba ni Abby ang tingin at bumalik sa bar saktong dumaloy ang alon ng init sa buo niyang katawan. Nagdilim ang gilid ng kanyang paningin at muli siyang nahilo. Nang oras na iyon, alam niyang hindi na iyon basta-basta lilipas.

Dala ng pangangailangan, inihagis niya ang

serving tray sa bar at nagmamadaling tinahak ang mahabang pasilyo. Tinakbo niya ang screen door na humaharang sa kanyang daan, at hindi pa halos nakakalabas doon nang mag-umpisang magsuka. Wala ring gaanong buti na naidulot iyon. Kahapon pa siya hindi kumakain, pero tila desidido ang tiyan niya na sairin ang lahat ng naroon.

Sumandal siya sa dingding ng gusali habang nakatukod ang mga kamay sa mga tuhod. Malamig ang panggabing hangin at humugot siya ng malalalim na hininga. Biglang tumaas ang balahibo niya sa batok, at kahit hindi niya narinig na bumukas ang pinto, alam niyang naroon si Tate.

“Abby?”

Mabuti at alam nito kahit man lang pangalan niya. Parang gusto niyang maging hysterical at tumawa, pero pinigil niya iyon nang muling umalma ang sikmura.

“Go away. Please, iwan mo na lang ako.” Hindi niya ito kayang tingnan. Hindi ngayon.

“May sakit ka.”

“Virus.” Nais niyang dagdagan ang sinabi, mag-isip ng magandang paliwanag, pero parang nabulunan siya ng sariling dila. Kahit ang tipid na

pag-imik ay muling nagpaalma sa pakiramdam niya.

Lumapit ito, mas naramdaman niya iyon kaysa nakita, pagkatapos ay inalalayan siya ng malaki at malakas nitong mga kamay, hinawakan siya upang makatayo. Parang latay ang hawak nito, nais na lamang niyang humiga at mamatay. Pero siyempre, walang bagay na ganoon kadali.

“Bakit hindi mo pakiusapan si Pete na pagpahingahin ka na lang ngayong gabi? Wala ka sa kondisyon para magtrabaho.”

Nawala ang pagkahilo niya, napalitan iyon ng bugso ng galit, at binawi ni Abby ang sarili mula sa pagkakahawak nito. “Ito lang ang trabaho ko. Hindi ako puwedeng pumalya. Ngayon pakiusap iwan mo na ’ko. Wala kang pakialam kung anuman ang gawin o hindi ko gawin. Bumalik ka na sa nobya mo. Sigurado akong hinahanap ka na niya.”

Saglit itong nag-alangan, bago tumalikod at naglakad palayo. Pagkarinig niyang sumara na ang pinto, napadausdos si Abby sa dingding at ibinaon ang kanyang mukha sa mga tuhod. Hindi siya iiyak, hindi niya papayagan ang sariling gawin iyon. Sa sampung taon ng paninirahan niya sa Cooper Creek, Texas, pangalawang pagkakataon pa lamang ito na mahigit sa dalawang salita ang sinabi sa kanya ni

Tate. At kung iisipin ang nangyari noong una siyang *kausapin* nito, mabuti na rin siguro iyon. Duda siya kung naaalala pa nito ang unang beses.

Hinayaan niya ang sarili na humikbi, pagkatapos ay tumayo na at pinahid ang pawis sa kanyang noo. Kung hindi siya babalik sa trabaho, hahanapin siya ng boss niyang si Pete. Isang oras na lang bago ang closing. Makakatiis pa siya.

“Saan ka galing?”

Umupo si Tate sa isang bakanteng upuan at sinipat si Diane. Napapalibutan ng kulay-ginto nitong buhok ang mala-anghel nitong mukha, at gaya ng dati, isang bugso ng damdamin ang dumaloy sa kanyang pagkatao. Matagal na niya itong kakilala, at wala siyang maalalang sandali na inisip niyang hindi sila ang magkakatuluyan. Ngayon nag-uumpisa na siyang maniwala na sinira na niyang lahat iyon at wala na siyang babalikan.

“Sa labas.”

May bote ng beer sa kanyang harapan at iaangat na niya iyon sa mga labi nang ilapat nito ang isang kamay sa kanya.

“Tate, sige na, pag-isipan mo ulit. Mag-e-enjoy tayo. Saka gusto ko talaga ’to. Alam mong ako ang magbabayad ng lahat.”

“I can’t, Diane. Kahit puwede kong iwan ang rancho nang gan’un katagal, hindi ko puwedeng hayaang mag-isa si Buddy. Napag-usapan na nating lahat ’to. Kailan mo ba maiintindihan na may mga responsibilidad ako na hindi ko maaaring pabayaang?”

Sumimangot ang perpekto nitong mga labi. “Sixteen na si Buddy. Kaya na niya ang sarili niya. Ayaw mo lang sumama.” Niligpit nito ang mga gamit. “Aalis ako nang maaga. Kapag nagbago ang isip mo, alam mo kung saan ako hahanapin.”

Bigla siyang naging desperado. “Bakit ba hindi mo na lang kalimutan ang lakad na iyan? Puwede tayong humanap ng huwes ngayong gabi at magpakasal bukas.”

“Sinabi ko na sa ’yo, Tate. Ayokong tumira d’un sa papaguho mong bodega na tinatawag mong bahay. Kapag nagpatayo ka ng bago, saka tayo mag-usap.”

“Wala akong ganoong klase ng pera para magpatayo ng bahay. Lalo na’t wala namang mali sa bahay ko ngayon.”

“Luma na.” Nalukot ang ilong nito. “At pangit.

Bakit ba hindi mo magawa ang bagay na 'to para sa akin? Sobra ba ang hinihingi ko? Gusto ko nang isipin na hindi mo talaga 'ko mahal."

"Hindi iyan totoo." Pinanatili niyang mababa ang boses.

"Hindi ba? Gustong magpatayo ni Clayton ng bahay para sa 'kin."

Hindi ma-kontrol ni Tate ang galit na bumangon sa kanya habang pinag-aaralan ng nobya ang kanyang mukha.

"At dahil diyan," patuloy nito, "sigurado akong gusto niya ng konting bakasyon." Tinanggal nito ang diamond engagement ring mula sa isang daliri at inihagis iyon sa mesa. "Tapos na tayo, Tate. At sa pagkakataong ito, wala nang balikan." Umikot ang makintab nitong buhok at nagmartsa ito palabas ng bar.

"Ginawa na naman niya sa 'yo, ano?" Pumuwesto si Joe Blackburn sa upuang kababakante lang ni Diane at dinampot ang singsing, pinagsalin-salin iyon sa mga kamay nito. "Ilang beses na ito nangyari? Sampu? Labinlima?"

Uminom si Tate ng beer. Best friend na niya si Joe maliliit pa lang sila, pero minsan kahit ang mga

kaibigan ay nakakabuwisit din.

“Ano’ng gusto niya ngayon? Gusto niyang sumama ka sa isa sa mga sosyalang sagot ng daddy niya?”

“Hindi.” Gumala ang tingin ni Tate sa likod ng building, naghahanap. “Gusto niyang dalawang linggo kami sa Caribbean.”

Tinitigan siya ni Joe. “Nagbibiro ka. Palagay niya tatakpong mag-isa ang rancho? Sumusobra na ’yang si Little Miss Rich—” Naputol ang sasabihin nito nang matalim niya itong tingnan.

“Hindi niya kasalanan kung tatay niya ang pinakamayaman sa bayan natin. Hindi mo lang siya kilala gaya ng pagkakilala ko sa kanya. Babalik siya.” Sana lang ay narito pa siya pagbalik ni Diane, pero nag-uumpisa na siyang magduda.

“Damn right, babalik siya. Look, Tate. Gaano katagal bago ka makikinig sa ’kin? Lagi kong sinasabi sa ’yo, hindi siya karapat-dapat. Pinapasakay ka lang niya. Walang pakialam si Diane Prentis sa kahit kanino bukod sa sarili niya. Ganoon na siya noon pa at hindi na siya magbabago. May relasyon sila ni Clayton Caldwell. Alam mo iyon. Alam ko iyon. Lahat ng taga-rito alam iyon. Harapin mo na ang totoo.

Hindi ka niya pakakasalan kahit kailan.”

Tinitigan niya ang singsing na nasa kamay ni Joe, hinaklit iyon buhat dito at isinuksok sa balsa. Tama ito sa isang bagay. Alam niya ang tungkol kay Clayton. Iyon ang dahilan ng away nila ni Diane anim na linggo na ang nakakaraan. Nang gabing iyon, siya ang nakipagkalas, para lang maiba. Pagkatapos ay lumabas siya at naglasing. Kaya siya nasa ganitong gusot ngayon.

Minsan pa, pinagala niya ang tingin sa bar, at nahanap niya si Abby. Naglalagay ito ng mga inumin sa tray, maputla ang balat nito sa ilalim ng mga ilaw ng bar. Nakakaawa ang hitsura nito, para bang babagsak ito pauna anumang sandali. May ilang hibla ng mahaba at itim nitong buhok ang nakatakas sa ponytail nito at kumapit sa leeg nitong basa ng pawis.

Maaaring wala siyang naaalalang masyado nang gabing iyon, pero natatandaan niya ang pakiramdam ng mga labi nito sa kanya, ang naghumiyaw na init nang hawakan niya ito. Ang malambot na kurba ng katawan nito sa ilalim niya. Naaalala niya kung paano ang pakiramdam nang ibaon niya ang sarili sa pagpapaubaya nito. Mahabaging langit, isang buong linggo siyang sinisilaban tuwing maaalala niya ang nangyari. Noon pumasok ang takot.

She'd been a virgin. Mabilis na bumalik ang katinuan niya dahil sa katotohanang iyon, pero hindi sapat para pigilan ang sarili na galawin ito. Hindi sapat para rumehistro sa utak niya na wala siyang gamit na proteksyon.

Totoo ba ang sinabi nito kanina? Virus nga lang ba o buntis ba ito? Mula pa nang gabing may nangyari sa kanila ay pigil na niya ang kanyang hininga, hinihintay ang pagbagsak ng hatol, hinihintay ang mga salitang habambuhay na tatapos sa relasyon niya kay Diane.

“So, ano ngayon ang gagawin mo tungkol d’un?”

Gulat na ipinaling ni Tate ang ulo bago napagtantong si Diane ang tinutukoy ni Joe. Sina Diane and Clayton. “Wala.”

“Wala?” May disgusto sa tono ng kaibigan. “Palalampasin mo lang at patatawarin ang kasalanan niya.” Kumaway si Joe at nahuli nito ang atensyon ni Abby, sumenyas ito gamit ang dalawang daliri nang tumingin dito ang babae. Tumango ang huli at bumalik sa bar.

“Ano’ng gusto mong gawin ko? Ikulong siya?” Pinanood niya si Abby habang papunta ito sa mesa nila, dala ang dagdag na order na dalawang bote ng

beer.

Pareho silang natahimik nang ilagay ni Abby ang mga bote sa harap nila. Sinubukan niyang hulihin ang mga mata nito, pero tumanggi itong tingnan siya.

Pinagmasdan ito ni Joe na maglakad palayo, makahulugan ang ekspresyon sa mukha. “Kung ako sa ’yo, Hoss, gugustuhin ko man lang gumanti. Baka dapat kang tumikim ng gaya ng isang iyon.” Ikiniling nito ang ulo kay Abby. “Balita ko mainit siya sa kama.”

Nagsaltik kaagad siya, hindi mapigil. Bago pa niya nalaman, nasunggaban niya ang unahan ng kamiseta ni Joe at nahatak na ito mula sa kabila ng mesa. “Manahimik ka dahil wala kang alam sa sinasabi mo.” Lumabas ang mga salita sa pagitan ng nagtatagis niyang mga ngipin.

“Cool ka lang, Hoss. Easy.” Itinaas ni Joe ang dalawang kamay, bukas ang palad. “Wala akong ibig sabihin.” Lumugmok ito sa upuan nang pakawalan niya ito. “Hindi ko lang naiintindihan kung paano mo nakukuhang tanggapan si Diane nang paulit-ulit. Hindi siya karapat-dapat sa dami ng kalokohang ginawa niya sa ’yo.”

Kinuha ni Tate ang kanyang wallet at nag-iwan ng pera sa mesa. “Hindi mo na problema iyon. Ako

na'ng bahala d'un." Itinulak niya ang upuan pabalik at tumayo na. "Magkita na lang tayo."

Itinali ni Abby ang sleeves ng sweater palibot sa kanyang baywang at lumabas ng pinto. Karaniwan, ayos lang sa kanyang maglakad pag-uwi. Ang payapang hangin sa bayan sa madaling araw ay nakaka-relax pagkatapos ng ingay at kumpulan sa taverna. Pero walang aalo sa kanya ngayong gabi.

Nag-panic siya sa isiping may maliit na buhay na nasa loob niya ngayon. Ano ang alam niya sa pagkakaroon ng anak, lalo na sa pagpapalaki ng bata? Halos wala siyang maibili ng sariling pagkain. Hindi niya kayang magbayad ng doktor. At sa oras na malaman ni Pete na buntis siya, mawawalan siya ng trabaho. Oo, hindi ganoon ka-importante ang trabaho niya, pero kahit paano may nasisilungan siyang bahay dahil sa tips ng customers.

Kumilos siya patungo sa parking lot. Walang sidewalks doon. Walang ganoong amenities sa *Delly's*. Naglakad siya sa gilid ng basa-basang damuhan.

Malalim ang iniisip, hindi niya narinig ang pick-up hanggang sa tumigil iyon sa tabi niya.

"Sakay na. Ihahatid na kita."

Nag-alala siya nang marinig ang boses. Nagtapon siya ng tingin pero nagpatuloy sa paglakad, dumadagundong ang puso sa takot. Hindi puwedeng alam nito. “Salamat, pero mas gusto kong maglakad.”

Umusad ang truck pauna at tumabi, halos mabulag siya sa pulang liwanag nang apakan nito ang brakes. Umugong ang tunog ng pagsasara nito ng pinto sa kalsada.

Nag-alangan siya, pagkatapos ay binilisan ang kilos, planong daanan lang ito. Pero nang tumapat siya sa sasakyan nito, hinagip nito ang bisig niya. Mainit ang kamay nito, mahigpit at determinado ang hawak. Lalong bumilis ang tibok ng puso niya.

“Abby, kailangan nating mag-usap.”

“Wala tayong dapat pag-usapan. Umuwi ka na, Tate.” Binawi niya ang kamay at nagsimulang maglakad ulit, nananalangin na sana ay umalis na lang ito.

Sinabayan siya nito sa paglakad. “Buntis ka, hindi ba? Wala kang sakit.”

Hindi siya makahinga, at nagbabantang magdilim ulit ang paningin niya. Napatigil siya, nagsisikap huminga. Alam nito. Dear God, hindi nito pinaniwalaan ang palusot niya.

Nalaman lang niya na bumagsak siya nang saluhin siya nito at buhatin. Nahilo siya at natagpuan na lamang ang sarili sa unahan ng truck nito.

“Abby?” Parang ang layo ng pinanggagalingan ng boses. “Abby, pag di mo ’ko sinagot dadalhin kita sa hospital.”

Nakuha niyon ang atensyon niya. Wala siyang pambayad. Pinilit niyang imulat ang mga mata. Nakayuko si Tate sa kanya, may pag-aalala sa asul nitong mga mata. Bumagsak ang itim nitong buhok sa noo nito. Maging kamukha kaya nito ang bata? Nag-panic siya sa naisip. Kumalma siya sa pagpipilit na labanan iyon.

“Okay lang ako.” Kung aalis ito.

Tumingin ito sa kanya na nagsasabing hindi ito naniniwala, naniningkit ang mga mata. “Wag ka nang makipagtalo. Ihahatid na kita.” Sumakay na ito at pinaandar ang makina.

Lumalayo siya rito hanggang sa halos sumiksik na siya sa pinto. “Sa Maple.”

“Oo, natatandaan ko.” May pagkasarkastiko ang mga salita. Sinipat siya nito. “Wala kang balak sabihin sa akin, ano?”

Nanatili siyang tahimik. Hindi ito sigurado. Nanghuhula lang ito.

“Palagay mo hindi ko mapapansin?”

Tumingin siya rito mula sa bintana. “Sabihin nating tama ka, na buntis ako, paano mo natiyak na sa 'yo ang bata? Alam mo ang tawag nila sa akin, 'prosti ng bayan'. O wala pa bang nakapagsabi n'un sa 'yo?” Sinikap niyang alisin ang sarkasmo sa tinig. Hindi na siya dapat apektado sa paratang na iyon, pero masakit pa rin. Hindi dahil ganoon ang nanay niya ibig sabihin ay ganoon na rin siya. Pero alangang kumbinsihin niya ang mga tao roon. At ngayon may patunay na ang mga ito na carbon copy siya ng kanyang ina.

“Puwedeng lasing ako nang gabing iyon, Abby, pero may malay ako. You were a virgin. Kung buntis ka, pareho nating alam na akin iyan. Wala ba akong karapatang malaman kung dinadala mo ang anak ko?”

“Wala,” bulong niya. “Wala kang anumang karapatan sa akin.” Habang daan sa bayan, pasalit-salit sila sa liwanag at dilim. “Hindi mo kasalanan 'to. Kasalanan ko. Kaya kung nagi-guilty ka, puwede mo nang kalimutan. Pinili ko 'to, katawan ko, at anak ko. Akin lang, hindi kahit kanino.”

“Nagkakamali ka, Abby. Akin din ang batang iyan. Sa ayaw mo at sa gusto.”

“O, sige, Tate.” Gusto niyang mag-hysteria. “Sasabihin mo lang basta sa mga taga-rito na anak mo 'to. Magugustuhan talaga iyon ng nobya mo. Baka p'wede tayong magsalo-salo pagkatapos mong ibalita sa kanya. Puwede naming pag-usapan ang *technique* mo. Interessante iyon. Oo, isang gabi lang ang meron ako. Pero sapat na iyon. Grabe, sobra-sobra na iyon.” Sa pagkadismaya niya, namalisbis ang luha sa kanyang mukha at sinikap niyang palisin iyon. Hindi iyon nakatulong. Habang pinipigilan niya, lalong bumibilis iyon.

Hindi niya namalayang tumigil na ang sasakyan, bigla na lang hawak na siya ni Tate, inihihilig ang mukha niya sa balikat nito. Nag-umalpas ang lahat ng takot at pag-aalala na ilang linggo niyang binuno. Napahawak siya rito, hiyang-hiya sa nagawa. “Oh, God. Sorry. Takot na takot lang talaga ako,” hikbi niya. “Wala akong makausap at hindi ko alam ang gagawin ko.”

Naramdaman niya ang tensyon sa katawan nito habang humigpit ang mga bisig nito sa kanya.

“Hindi mo na kailangang matakot, Abby. Makakaisip tayo ng paraan, pangako. Kasama mo

ako dito.”

Ayaw man niyang gawin, itinulak niya ito. Nasa harap na sila ng bahay niya at sumilip siya sa madilim na bintana. Kahit ano huwag lang tumingin dito. Masyadong masakit umasa.

“Kailan ka huling kumain nang maayos?”

“Kahapon.” Nag-alangan siya, hindi masabi na walang pagkain sa bahay. “Naduduwal ako. Buong araw, hindi lang sa umaga. Mahirap kumain.”

“Nagpatingin ka na ba sa doktor?”

Tumungo siya sa mga kamay, magkapulupot ang mga iyon sa kanyang kandugan na para bang may sariling isip. “Hindi. May ginamit lang akong home pregnancy test kit. Magpapatingin ako agad.” *Malabong mangyari ‘yon*, dagdag niya sa isip.

“Halika na.” Binuksan nito ang pinto ng truck at inilahad ang kamay nito. Malaki ang kamay na iyon, mahahaba ang mga daliri, bahagyang nakakuyom para alalayan siya.

“Hindi mo na kailangang tumuloy. Ayos lang ako.”

Naroon pa rin ang kamay nito. Manipis ang balahibong sumilip sa laylayan ng sleeve nito. “Sinabi

ko na sa 'yo, magkasama tayo rito. Now, come on."

Napipilitang tinanggap niya ang kamay nito, at sinundan ito patungo sa hagdan. Pagpasok na pagpasok nila, tumuloy ito sa kusina. Halos lumubog siya sa hiya nang marinig ang pagbukas-sara ng pinto ng refrigerator. Bago pa siya nakakurap, nakabalik na ito, tila sinasangahan ng malapad nitong mga balikang maliit at makalat niyang sala.

"Wala kang balak magpunta sa doktor, ano?" Kahit walang-diin ang mga salita, may akusasyon doon.

Kuyom ang mga kamay sa gilid, iniangat niya ang baba at hinarap ito. "Wala. Wala akong ibabayad."

Nabawasan ang dilim sa ekspresyon nito habang nakatitig ito sa kanya. "Sabi ko nga. Kunin mo ang mga gamit mo. Sasama ka sa 'kin pauwi. At least masisiguro kong kumakain ka."

Nabigla siya. "Sira ka ba? Hindi ako puwedeng sumama sa 'yo! Malalaman ng lahat ng tao dito sa bayan. Hindi ko p'wedeng hayaang gawin mo 'to."

"Hindi mo 'ko kayang pigilan. Ngayon, kunin mo na ang mga gamit mo o ako ang kukuha. Sasama ka sa 'kin kahit kailangan pa kitang kaladkarin. Kakain ka at matutulog nang maayos. Bukas, saka tayo mag-

isip kung ano'ng gagawin.”

Sinasabi ng loob niya na tumutol siya, pero nanaig ang kanyang *sentido comon*. Ang totoo, hindi niya ito kaya mag-isa. Isang bahagi niya ang alam na iyon noon pa. Bukod doon, gutom siya. Naglalaway na siya naiisip pa lang ang pagkain. Ayos lang siguro, isang gabi lang naman. Nakatungo, nagpunta siya sa kuwarto para mag-empake.

2

Hinawakan ni Abby ang paper bag malapit sa kanyang dibdib at pinagmasdan ang kabuuan ng malaki at matandang bahay nang huminto ang sasakyan ni Tate. Ang bag na may lamang isang pamalit na damit at lumang pantulog ang tanging sandalan niya sa mundo na biglang naging kakaiba. Hindi siya dapat nandito, hindi siya bagay sa ganoong lugar.

“Mukhang tulog na si Buddy.”

Iyon ang unang sinabi nito sa loob ng labing-limang minuto nilang biyahe. “Buddy?”

“Kapatid ko. Sixteen na siya.” Ini-off nito ang makina at inabot ang pinto ng sasakyan.

“Tate, sandali. Parang hindi ko kayang gawin 'to. Kailangan kong magtrabaho bukas. Hindi ako puwedeng mawalan ng trabaho. At ano na lang ang iisipin ng kapatid mo? Please, ihatid mo na lang ako sa bahay at kalimutan na lang natin ang lahat. Wala kang atraso sa akin. Sinabi ko na sa 'yo, ako ang may kasalanan.”

Parang yelong nagingas ang asul nitong mga mata sa ilaw na nanggagaling sa poste sa bakuran.

“Bumaba ka na, Abby.”

Tinitigan niya ito, pagkatapos ay hinagip ang handle sa pinto at hinigit iyon, naipit ang isang daliri niya pero tiniis niya ang sakit. Bumaba siya at sinundan ito paakyat sa hagdan.

Napatabi si Abby nang isang malaking aso ang biglang lumabas. Nininerbyos na pinanood niya ang paglapit ng hayop. “Hindi naman siguro iyan nangangagat?”

Paglingon ni Tate, inaamoy na ng aso ang bandang sakong niya, nakapaling ang ulo, tuwid at di gumagalaw ang buntot.

“Higa.” Conversational ang tono ni Tate, pero kumilos ang aso at at lumugmok sa sahig, nakatitig pa rin kay Abby.

Maingat siyang kumilos, nakatingin din sa hayop, at nasilaw siya nang biglang magkailaw. Nang iawang ni Tate ang front door, nauna siyang pumasok, pagkatapos ay tumigil at nagmasid sa paligid. Kakasya ang buong bahay niya sa sala na iyon.

Kahoy ang sahig, matigas at sinanay na ng panahon. Lalo lamang iyong pinaganda ng mangilanngilang gasgas. At ang mga gamit. Hindi mapigilan ni Abby ang mapatitig. Hindi bago ang sofa at

mga upuan, pero wala siyang nakikita kahit isang butas sa bulaklaking cover. Mukhang maumbok at komportable.

Nakakahiptonismo ang galaw ng pendulum ng grandfather clock sunod sa hagdan sa dulo ng silid. May malaking tsimineya sa pagitan ng mga bintana at may mga litrato at pigurin sa mantel niyon. Marami pang litrato sa ibabaw ng piano na nakatayo malapit sa matandang orasan.

“Ang ganda,” aniya. Biglang nag-init ang kanyang mga pisngi nang tingnan siya ni Tate nang kakaiba.

“Simpleng bahay lang ’to, luma na at sira-sira pa.”

Para rito, siguro, pero hindi pa siya nakapasok sa ganito kagandang bahay. O ganito kalaki. Ito ang klase ng bahay na iniisip niya kapag pinapayagan niyang mangarap ang sarili. Isang bahay na laan para sa isang totoong pamilya.

“Ilagay mo muna sa silya ang mga gamit mo. Ituturo ko sa ’yo kung saan ka matutulog mamaya.”

Tiningnan ni Abby ang upuan, pagkatapos ay ang dala niya. Pagtalikod ni Tate, inilagay niya iyon sa sahig sa tabi ng upuan.

“Hindi ako magaling magluto at gan’un din si Buddy.” Kapapasok lang niya sa kusina, tama lang para marinig ang sunod nitong sinabi. “Aayos lang ba ang sandwiches sa ’yo?”

“Oo, salamat.” Dahil nakatungo ito sa fridge, napadako ang tingin niya sa pang-upo nito, nag-init ang pisngi niya nang maalala ang kahandaan nito nang gabing iyon. Wala naman talaga siyang gaanong nakita.

Inalis niya ang tingin dito, inilibot niya ang tingin sa kusina. Puno ng hugasin ang lababo sa likuran nito, karamihan ay mga baso at tasa, napansin niya.

“Maupo ka.”

Malaki ang mesa, halos kalahati na ng kusina. Humila siya ng upuan at marahang naupo, pinanood niya si Tate habang naglalabas ito ng makakain mula sa fridge. Dinala nito iyon sa counter. Tahimik itong kumilos.

Dalawang piraso ng makapal na tinapay na may mayonnaise ang nasa isang plato. Pinatungan nito ang bawat tinapay ng ham, turkey at roast beef, dalawang klase ng keso, kamatis, letsugas, at pickles. Nang mailagay ang top layer ng tinapay ay pinagmasdan nito ang inihanda. Tingin ni Abby ay

hindi pantay ang ginawa nito at iyon din marahil ang iniisip ng lalaki.

“Hayan. Kain na.” Inilagay nito ang sandwiches sa harap niya at nagsalin ng gatas sa baso.

Matagal na siyang hindi kumakain nang ganoon kadami sa isang upuan. Nitong huli, karaniwan ay cereal lang ang agahan niya at sopas ang hapunan. Minsan pag may naipon siya, may crackers o peanut butter sandwich na kasama ang sopas.

Mabilis niyang sinulyapan si Tate, pero nakatalikod ito sa kanya, gumagawa ng kape. Alanganing dinampot niya ang isang sandwich at maliit na kumagat sa dulo niyon. Nang hindi magreklamo ang tiyan niya at hindi umikot ang paningin niya, nilakihan niya ang pagkagat. Napapikit siya sa sarap habang ngumunguya. Parang gusto niyang isubo nang buo ang tinapay, pero may dangal pa naman siya kahit paano.

Gayunpaman, nang matapos itong magkape, paubos na rin niya ang pangalawang sandwich. Uminom siya ng gatas at nakita niyang tiningnan nito ang plato. Hindi nagbago ang ekspresyon nito.

“Puwede ka d’un sa kuwarto ng mga magulang ko. Iyon ang pinakamalaki dito. Ilang taon na iyong

bakante kaya buksan mo na lang iyong mga bintana kung gusto mo.”

Lumunok siya. “Nas’an ang mga magulang mo?”

“Namatay si Mama n’ung doce si Buddy. Inatake sa puso ang tatay ko may dalawang taon na. Kami na lang ni Buddy mula noon.” Binalingan nito ang plato niya. “Meron pa kung gusto mo.”

Muling nag-init ang mukha niya. “Salamat. Busog na ’ko.” At hindi siya komportable. Matutulog na siya para dumating na ang bukas at makaalis na siya. Inubos niya ang gatas. “At pagod.”

“Dito ang papunta sa kuwarto.” Ibinaba nito ang tasa sa mesa at iginiya siya pabalik sa sala paakyat sa hagdan. Tumungo ito para di mauntog pagdating sa taas. “Ito ang kuwarto ni Buddy,” anito, itinuro ang unang pinto sa kaliwa. “Ito ang sa ’kin.” Nasa kabilang pasilyo iyon, katapat ng silid ng kapatid nito. “D’un ang banyo.” Itinuro nito ang pintong katabi ng kuwarto ni Buddy.

Binuksan nito ang pintong kasunod ng kuwarto nito at sinamahan siya papasok. Inilagay nito sa kama ang paper bag niya na binitbit nito. “May bedsheets at kumot sa baul sa tabi ng aparador. Kung may kailangan ka, sabihin mo lang sa ’kin.”

“Sige, salamat.” Pinakinggan niya ang papaalis nitong mga yabag at tumalikod upang magmasid. Corner room iyon, nakatali ang mga kurtina sa dalawang gilid ng bintana. Yari sa kahoy ang mga muwebles, four-poster ang malaking kama, may katernong cabinet at drawer.

Binuksan niya ang bintana upang papasukin ang hangin ng tagsibol. Medyo kulob nga ang amoy ng silid. Pinadaan niya ang isang daliri sa ibabaw ng cabinet at ipinunas ang alikabok sa kanyang pantalon. Mukha ngang walang gumamit niyon ng dalawang taon gaya ng sabi ni Tate.

Nang makapaglatag, mabilis siyang naghubad at nagsuot ng pantulog. Napabuntong-hiningang sumampa siya sa kama at nagkumot, bahagyang naaamoy ang cedar sa tela. Sa kabila ng pag-aalala, mabilis pa rin siyang nahimbing dala ng pagod.

Dinampot ni Tate ang kanyang kape at dinala iyon sa terasa sa likod, sumandal siya sa haligi habang iniinom iyon. Pinanood niya ang pagkilos ng babae sa second floor mula sa anino sa damuhan likha ng ilaw na tumatagos sa bintana ng kuwarto nito. Nang mawala ang ilaw, bumaba siya sa terasa.

Kahit sa dilim kabisado ng mga paa niya ang daan. Alam ng Diyos kung gaano kadalas siya roon nitong nagdaang dalawang taon. Tuwing may problema siya, tuwing nabibigatan siya sa pagpapatakbo ng rancho at pagtataguyod sa kapatid, doon siya nagtutungo.

Umingit ang gate ng lumang bakod nang itulak niya iyon at naisip niyang dapat na iyong langisan sa gilid.

Nasisinagan ng buwan ang daan niya. Dito nakalibing ang lolo't lola niya. Ang dalawang tiyuhin na namatay bago pa siya ipanganak. Isang tiyahin. At ang mga magulang niya.

Naupo siya sa tabi ng pinakabagong puntod at wala sa loob na hinugot ang isang damong ligaw na tumubo. "Well, Dad, may problema talaga ako ngayon." Tumigil siya, nag-isip. "Pero alam mo na siguro? See, may natutulog sa kuwarto n'yo ngayong gabi. Hindi ko siya gan'un kakilala, Dad. Pero buntis siya at anak ko iyon. Nakatira siya sa isang lumang bahay, pero iyon lang siguro ang kaya niya dahil dalawang araw lang sa isang linggo siya may trabaho."

Itinukod niya ang isang tuhod sa lupa, inilagay ang bisig sa ibabaw ng tuhod. Kanina pa malamig ang kape sa tasa niya. "Halos mamatay na siya sa

gutom. Siyempre hindi niya aaminin iyon. Wala nga siyang planong sabihin sa 'kin ang tungkol sa bata kahit takot na takot siya." Bahagya siyang napangiti. "She's too proud para humingi ng tulong, hindi ko raw kasalanan. Wala pa yatang nagsabi sa kanya na hindi siya mabubuntis kung di ko siya pinakialaman."

Napawi ang ngiti niya. "Lagi mong sinasabi sa 'kin na maging responsable sa mga kilos ko, Dad, at sinikap kong gawin iyon. Pero ngayon, nahihirapan ako. Alam kong hindi n'yo masyadong gusto si Diane. Iyon ang pakiramdam ko dahil ni hindi kayo nagsasalita tungkol sa kanya. Spoiled nga siguro siya, pero malungkot siya at nag-iisa. Tama si Joe. Impiyerno ang dinadanas ko dahil kay Diane, pero naiintindihan ko siya. May pananagutan din ako sa kanya. Kahit ayaw niya, alam niyang sa huli ay papayag siya at pakakasalan niya ako." Nag-alinlangan siya at mahina ang boses nang magsalita. "Siguro ang tanong ay kung sino ang mas may karapatan sa 'kin. Alam ko kung ano ang dapat kong gawin, kung ano ang tama. Hindi ko puwedeng pabayaang mag-isa ang babaeng iyon. Alam ko iyon. Pero hindi iyon magiging madali, Dad. Ang sabihin iyon kay Diane ang pinakamahirap na bagay na gagawin ko. At masasaktan siya."

Tumuwid siya, ibinalik ang tingin sa bahay. Saglit siyang tumayo sa ilalim ng sinag ng buwan,

tumingin sa puntod, at tumalikod na paalis. At hindi rin magiging madali na papayagin si Abby sa naisip niyang solusyon. Pero wala silang masyadong pagpipilian. Hindi estupida ang babae. Kailangan lang niyang masabi sa tamang paraan, sa paraang hindi mawawasak ang pride nito.

Binasag ni Tate ang isa pang itlog sa mantika ng bacon at pinanood ang puting balat na nahulog sa piniprito. Hinuhuli niya iyon ng kutsara nang maingay na bumaba ng hagdan si Buddy at tumuloy sa kusina. Halos kasing-tangkad niya ito, medyo payat nga lang. Napahinto ito at gulat na napatitig sa kanya.

“Nagluluto ka?”

“Mas tamang sabihin na ‘sumusubok’ akong magluto,” aniya habang hinahagilap pa rin ang shell. Suko na siya, dinampot na niya ang nahulog na balat ng itlog, at napasong dahil sa ginawa.

“May kinalaman ba ito d’un sa kung sinomang nagduduwal ng lamang-loob na yata niya sa banyo sa ‘taas?’”

“Damn.” Ibinagsak niya ang kutsara sa countertop at lumabas ng kusina. “Bantayan mo ’yung niluluto ko,” bilin niya.

Naririnig niya ang paghihirap ni Abby mula sa pasilyo at lihim siyang napaatras. Kasalanan niya kung bakit nito dinadanas iyon, kahit ano pa ang sabihin nito. Itinulak niya ang pinto ng banyo nang di kumakatok.

Nakasalampak si Abby sa sahig, nakalapat ang noo sa bisig na nasa toilet seat. Maputla ang mukha nito. Ni hindi ito kumibot habang nagbasa siya ng ilang pamunas sa lababo.

Naupo siya sa tabi nito, tinupi ang isang basang bimpò at hinawi ang buhok nito upang ilagay iyon sa batok ng babae. “Abby?”

Umungol ito. “Please. Umalis ka na lang at hayaan mo ’kong mamatay nang walang istorbo.”

“Hindi ka pa mamamatay, kahit iyon ang pakiramdam mo sa ngayon.” Ibinigay niya rito ang isang towel. “Heto, punasan mo ang mukha mo.” Inilagay niya ang basang towel sa iniumang nitong kamay at inilapat nito iyon sa mukha. “Okay ka na?”

Isang mahinang tango ang tanging sagot nito.

“Mabuti. Mahiga ka na ulit.”

Bigla itong tumayo at yumungyong sa mukha nito ang ilang hibla ng mahaba nitong buhok. Saka lang

niya napagtanto na nakapantulog ito, at napakanipis niyon. Payat ito, gayunpaman malusog ang dibdib nito at bakat iyon sa suot nitong pantulog.

Mabilis na iniwas ni Tate ang tingin, pero nakita niyang namula ang mga pisngi nito, at pinag-ekis nito ang mga kamay sa dibdib. At matindi ang reaksyon ng katawan niya.

“Aayos na ako talaga. Hindi ko na kailangang mahiga ulit. Sandali lang at magbibihis ako.”

Tiningnan niya ang kulay-kape nitong mga mata at tumango. “Bumaba ka na lang kapag okay ka na.”

Nasa hapag na si Buddy, isang bowl ng cereal ang nasa harap nito. “Nasunog iyong mga itlog, bagay d’un sa niluto mong bacon.” Ikiniling nito ang ulo sa stove.

“Sabi ko bantayan mo.”

“Hey, hindi nag-aapoy ang kusina, di ba?”

Dismayadong tiningnan ni Tate ang matigas na pagkain, at inilagay iyon sa lababo. Wala rin naman sigurong gana si Abby.

“So, sasabihin mo ba sa ’kin kung sino iyong tinatago mo sa ‘taas?’”

Walang dudang malalaman din ni Buddy, pero nais niyang kausapin muna si Abby bago sabihin ang lahat sa kapatid. Sumandal siya sa lababo at tumingin dito. “Sasabihin ko sa ’yo mamaya, pero may hihingin akong pabor.”

“Ano ’yun?”

“Lumayas ka muna sandali. Ikaw naman talaga ang toka ngayon sa pagpapakain ng mga hayop. Huwag kang uuwi hangga’t di kita sinusundo.”

“Gan’un kaseryoso?” Parang naintriga ito, pero iniurong nito ang silya at tumayo. “Okay, pero pabor ito. Malaki.”

Pagkasara nito ng back door narinig ni Tate ang mga yabag ni Abby pababa ng hagdan.

Lumingon siya nang tumigil ito sa pintuan. Naka-jeans at T-shirt ito, bitbit na ulit sa dalawang bisig ang paper bag nito. Hindi ito naka-ponytail, pero sinuklay nito palayo sa mukha ang buhok. Tila kinuskos nito nang maigi ang makinis na mukha.

“Maupo ka kaya? Gusto mo ba ng toast? Parang iyon ang kinakain ni Mama n’ung ipinagbubuntis niya si Buddy.”

“Salamat, pero di mo na kailangang mag-abala.

Kung puwede ihatid mo na lang ako pauwi...”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito sa halip ay naghulog ng dalawang tinapay sa toaster. Habang hinihintay iyon, naglagay siya ng baso at bote ng juice sa mesa. “Kailangan nating mag-usap, Abby.”

“Hindi.” Itinaas nito ang baba.

Inilagay niya ang toast sa plato. “Kailangan. Maupo ka na at kumain.”

“Hindi ako nagugutom.”

“Uminom ka man lang ng juice. Kailangan mo iyan.”

Naupo ito sa tapat ng baso habang nakatutok ang mga mata sa kanya. “Fine. Inumin ko ’yung juice, pero pagkatapos uuwi na ako.”

Hinila niya ang upuan sa tapat nito. “Ano’ng plano mo?”

“Plano?”

“Buntis ka, Abby. Naisip mo na ba kung ano’ng gagawin mo?”

Tumingin ito sa baso. “Plano kong manganak. Hindi pa talaga ako nakakabawi sa bagay na iyon.” Tumingin ito sa kanya. “Pero wala kang dapat ipag-

alala. Hindi ko sasabihin kahit kanino na sa 'yo 'to. Aalis na lang ako dito bago mangyari iyon.”

“May pera kang pang-upa hanggang sa makapanganak ka?”

“Kung may gan'un akong pera, matagal na akong umalis dito. Baka papayag si Pete na dagdagan ang araw ng trabaho ko. Sa gan'un makakaipon ako para sa mga darating na buwan.”

“Abby, pareho nating alam na hindi ka makakaipon nang sapat kahit beinte-cuatro oras sa isang araw at pitong araw sa isang linggo kang magtrabaho. Kahit payagan ka pa ni Pete, at duda ako kung gagawin niya iyon. Mahal ang upa at lalo na ang bayad sa doktor. Walang tatanggap sa 'yo kapag nalaman nilang buntis ka, kaya hindi ka makakakuha ng trabaho. Pagdating ng bata, kailangan mong pakainin, alagaan. Magkatrabaho ka man, kailangan mong magbayad ng mag-aalaga.”

Natahimik ito, lalong namutla ang mukha at humigpit ang hawak nito sa baso.

Kumuha siya ng tiyempo. “Palagay ko hindi ka na dapat magtrabaho pa sa *Delly's*. Mabigat iyon para sa 'yo at kulang din naman ang kita mo. Kailangan mo ring isipin ang bata, hindi lang ang sarili mo.”

Itinuon nito ang mga mata sa kanyang mukha at nakita niyang napuno ang mga iyon ng galit.

“Mas okay bang mapaalis ako sa bahay ko at mamatay sa gutom? Makakatulong talaga iyon sa bata, ano? Bakit ba hindi mo maintindihan na kailangan ko ang trabahong iyon? Hindi nga siguro sapat, pero iyon lang ang meron ako. Hindi puwedeng mawala sa 'kin iyon.”

“Paano kung alukin kita ng mas magandang trabaho? Hindi malaki ang kita, pero may matitirahan ka at sasagutin ko ang lahat ng medical bills. At pag nakapanganak ka, ikaw mismo ang mag-aalaga sa bata.”

“Trabaho?” Napalis ang galit sa mga mata nito, napalitan ng pagkalito. “Pero wala akong alam kahit ano tungkol sa rancho. Ni hindi ako nagkaroon ng alaga kahit kailan.”

“Hindi trabaho sa rancho ang nasa isip ko.”

“Kung gan'un ano'ng nasa isip mo?”

Tinitigan niya ito. “Asawa. Asawa ko.”

Bumagsak ang baso ng juice sa mesa at nabubo ang laman niyon habang gulat na nakatitig sa kanya si Abby. “Diyos ko. Nababaliw ka na ba?” bulong nito.

3

“Nababaliw?” Umiling ito. “Hindi. Iyon lang ang tamang gawin. Tumingin ka sa paligid. Tambak ang plato sa lababo, maraming labahin, makapal ang alikabok. Kailangan namin ni Buddy ng tulong dito. Gaya ngayon, nauubos ang oras ko dito gayong dapat ay nasa rancho ako. At wala pa akong natatapos na gawaing-bahay.”

Tinitigan ni Abby ang likod nito nang kumuha ito ng towel upang punasan ang natapong juice. Umaalimbukay uli ang tiyan niya, pero alam niyang di iyon dahil sa pagbubuntis.

“Sa totoo lang, gagawan mo kami ng pabor. Hindi ko kayang magbayad ng katulong.” Iniitsa nito ang basahan sa lababo at muling naupo.

“Isa pa, anak ko iyang dinadala mo. Kaya aalagaan kita sa ayaw at sa gusto mo. Kung ayaw mo akong pakasalan, tutulungan pa rin kita sa renta, sa pagkain at sa bayad sa doktor. Mas mabigat iyon dahil parang dalawang pamilya ang kargo ko, pero kakayanin ko. Mas magiging madali sa akin kung dito ka titira,” narinig niyang sabi nito.

Maaaring totoo, pero nag-uunahan ang tanong sa isip niya, napakabilis para maisatinig niya. Isa lang ang malinaw sa nalilito niyang isip. Sinabi ni Tate na kailangan siya ng mga ito. Hindi limos. Makakatulong pa nga siya kung tutuusin. Kaya lang...

“Ano’ng iisipin ng kapatid mo?” Hindi talaga iyon ang gusto niyang itanong pero magandang umpisa iyon.

Nagkibit-balikat ito. “Ipagtatapat ko sa kanya ang totoo. Matalino si Buddy. Maiintindihan niya.” Saglit na tila malalim ang iniisip nito. “Matagal nang walang babae rito mula nang mamatay si Mama. Makakabuti kay Buddy ang pagtira mo dito.”

Huminga si Abby nang malalim at pinilit ang sarili na magtanong uli. “May nakakalimutan ka yata? Ikakasal ka na. Medyo mahirap yatang may nobya ka sa labas at may asawa ka sa bahay.”

Nagbaba ito ng tingin sa mesa, pero bago iyon ay nahuli niya ang pait na dumaan sa mukha nito.

“Hindi na ako engaged.” Napakahina ng boses nito, sinikap lang niyang marinig iyon. “At kahit na engaged pa ako hindi na iyon mahalaga ngayon. Dalawang linggo pa bago siya bumalik. Pagbalik niya sasabihin ko sa kanya.”

Naghalo ang galit at sakit sa loob niya, para sa sarili niya at para kay Tate. “Tingin mo papayagan talaga kitang gawin ’to? Siya ang mahal mo. Alam iyon ng lahat dito. Ano ngayon kung nakipaghiwalay ulit siya sa ’yo? Araw-araw niyang ginagawa iyon. At alam nating pareho na bumabalik siya sa ’yo. Ito...” Inilagay niya ang kamay sa tiyan. “Aksidente ito. Hindi ito dapat nangyari. Hindi ko hahayaang sirain mo ang buhay mo dahil dito. Hindi ko pa nga siguro alam kung paano, pero kakayanin ko ang lahat sa sarili ko. Dati ko nang ginagawa iyon.”

Dinampot niyang muli ang paper bag. Namantsahan iyon ng juice. “Please, ihatid mo na ako sa bahay at kalimutan mo na lahat ito. Pakasalan mo si Diane gaya ng gusto mo.”

“Hindi.” Dumukwang ito sa mesa at hinigit ang pupulsuhan niya. “Anak ko iyan, dugo ko. Hindi ako pinalaki para takasan ang mga responsibilidad ko aksidente man o hindi. Kahit ano’ng gawin mo, maghihiwalay kami ni Diane pagkasabi ko sa kanya. At sasabihin ko sa kanya, Abby. Hindi ko tatalikuran ang anak ko. Ano ngayon kung hindi umaayon sa plano ang buhay ko? Hindi nasira ang buhay ko, mag-iiba lang.”

Pumiksi siya sa hawak nito at hinaplos ang

parteng nasaktan, pero hindi pa ito tapos.

“Puwede kang maging makasarili, bumukod ka at tutustusan ko kahit dagdag-gastos iyon para sa ’kin, o padaliin mo ang lahat sa gayon matulungan mo na rin ako dito.” Saglit itong tumigil. “Gusto mo ba talagang lumaking bastardo ang bata?”

Bumalik ang mapait na alaala ng sarili niyang kabataan. Mga kutya na dumikit na sa kanya bago pa niya naintindihan ang ibig sabihin ng mga iyon. Napapikit siya. Hahayaan niya bang danasin din iyon ng kanyang anak para lang sa pride niya? Gayong alam niyang may nagawa sana siyang ibang paraan?

Binalot siya ng pagnanais na protektahan ang anak. Biglang-bigla ay wala na siyang pakialam sa mga nasirang plano ni Tate. At sa pride niya. Ang tanging mahalaga ay ang maliit na buhay sa loob niya. Iyon dapat ang unahin, higit sa kanilang dalawa.

Iminulat niya ang mga mata at tumingin dito.

“Okay,” bulong niya. “Pakakasalan kita.”

Bukas ang pinto ng kuwadra nang dumating doon si Tate, nanginginain ang mga kabayo sa bawat *caballeriza*. Naririnig niyang sumisipol si Buddy sa

dulo niyon.

Tumigil siya upang kumuha ng *almohaza* at escoba, at tumabi sa establo na kinaroroonan ni Buddy at nagsimulang suklayan ang kabayo. Patuloy lang sa pagkain ang *álazana* at ilang taon na sa kanila ang inahing kabayo na iyon. Iiginalaw lamang ng hayop ang mga tainga upang iparating na alam nitong naroon siya.

Tumigil si Buddy sa pagsipol nang dumating siya at tahimik silang nagtrabaho.

“Naglulunoy na naman si Diamond sa putikan d’un sa sapa,” sumbong ng kapatid.

Tumango siya. “Lagi niyang ginagawa iyon pag mainit na ang panahon. Nagpapalamig siya.”

“Oo, pero nahihirapan akong linisin siya.”

“Gamitan mo muna ng hose.” Tumikhim siya. Sana nga ay maintindihan nito ang sitwasyon niya. “Si Abby Grayson iyong nasa bahay. Magpapakasal kami sa Lunes pagkakuha namin ng lisensya sa korte sa Austin.”

Sumungaw ang ulo ni Buddy. “Si Abby Grayson?” Nasa mukha nito ang pagkagulat. “Pakakasalan mo si Abby Grayson?”

“Kilala mo siya?”

“Nakita ko na siya sa bayan, pero hindi kami magkakilala.” Tila alanganin na ang tono nito. “Narinig ko lang na pinag-uusapan siya ng mga lalaki sa school.”

“Huwag mong paniwalaan lahat ng naririnig mo.”

Itinuloy ni Buddy ang pagsusuklay sa kabayo. “Hindi sa gan’un. Pero minsan mas madaling maniwala. Buntis siya, di ba? Kaya siya nagsusuka.”

“Oo.” Itinigil na niya ang pagpapanggap na pagsusuklay sa *álazana* at sumandal sa gilid ng kuwadra. “At bago mo itanong, akin ang bata.”

“Paano mo alam?”

“Dahil ako lang ang lalaki sa buhay niya. Birhen siya nang makuha ko, Buddy. Kaya magpapasalamat ako kung kahit paano igagalang mo siya. Mag-isa na lang siya sa buhay.”

Mga galaw at tunog lamang ng hayop ang maririnig sa kuwadra.

“Kailan siya lilipat dito?”

“Plano kong samahan siya sa bayan mamayang

hapon para kunin ang mga gamit niya. Iyong kuwarto nina Mama ang gagamitin niya.”

“Kailangan n’yo ng tulong?”

Parang may malaking kamay na pumiga sa puso niya. “Salamat. Hindi ka mawawalan ng gagawin.”

Tumango ito. “Alam mo, siguro masaya nga pag nagka-baby sa bahay.” Tumingin ito sa kanya. “Sana lang kamukha ni Abby dahil ayoko ng pamangking babae na kasimpangit mo.”

Ngumiti siya at diniinan ang sombrero sa ulo nito. “Paano ’yan, magkamukha tayo, di pangit ka rin? Isa pa, puwedeng lalaki ang anak ko.”

“Ayos lang, may bago ka nang uutus-utusan. Matatahimik na rin ako.”

“Asa ka pa. Tapos na ba ang homework mo?”

“Naku naman, Tate. Sabado ngayon. May bukas pa para gawin iyon.”

“Siguraduhin mo lang. Tatlong linggo na lang ang ipapasok mo ngayong taon at ayokong makakita ng bagsak na marka sa report card mo.”

“Hindi mangyayari iyon. Laging magaganda ang grades ko.”

Hinarap niya ang kabayo. “Buddy? Okay lang ba kung ikaw ang best man ko?”

“Oo, pero ako naman talaga ang best man mo.”

Binato niya ito ng suklay ng kabayo at tumatawa nitong inilagan iyon.

Napangiti siya. “Halika na. Tapusin na natin ’to para makabalik na tayo sa bahay at makilala mo si Abby.”

Naupo si Abby sa mesa sa kusina at pinanood si Tate mula sa back door. Asawa niya. Magiging asawa niya ito. Iniisip niya kung kakatwa ang dating niyon sa iba. “A-sa-wa.” Mas malala ang tunog nang bigkasin niya. Dinama niya ng isang palad ang noo. May lagnat siguro siya. Hindi nangyayari ang ganito sa kanya.

Ang pagpapakasal ay isang bagay na hindi niya kailanman pinangarap. At gayundin ang pagkakaroon ng anak. Hirap siya sa buhay at ang makakuha lang ng diploma halos ang iniisip niya. Hanggang noong nakaraang linggo ay iyon lamang ang kanyang layunin.

Hindi pa rin siya makapaniwala na pumayag

siyang gawin ito. Iginala niya ang tingin sa paligid. Isang totoong bahay, may disenteng kasangkapan, may four-burner stove, may tsiminea. At titira siya sa bahay na iyon. Kahit na ba panandalian lang.

Hindi sinabi ni Tate kung gaano katagal ang setup nila. Siguro pagkasilang niya sa bata ididiborsyo siya nito para makapag-umpisa ito ulit. Kung gayon may siyam na buwan siya, iyon ay kung bibigyan siya nito ng panahong makabawi sa panganganak. May diploma na siya sa panahong iyon.

At sa ngayon, mayroon siyang trabaho. Hindi na niya aalalahanin ang tungkol sa kakainin niya, makakakonsulta na rin siya sa doktor para sa bata. Sasagutin nito iyon. Napadako ang tingin niya sa maruruming hugasin at kumilos na siya.

Saglit lang at nalinis na niya ang lababo. Nakita niya ang detergent sa cabinet sa ilalim niyon, at malinis na basahan sa isang drawer. Mayamaya pa, makikintab na ang mga baso.

Ang sahig ang sunod, naisip niya, pero kailangan niya ng walis. Nakakita siya ng pinto at pinihit ang porselanang seradura niyon. Nanlaki ang mga mata niya. Pantry iyon at punung-puno ng pagkain. Sa grocery store lang yata siya nakakita ng ganoon kadamang supplies.

Huminga siya nang malalim, amoy mansanas at mabangong spices ang silid. Para sa dalawang taong hindi halos nagluluto, napakaraming iniimbak na pagkain ng magkapatid.

Nanggagaling ang amoy ng mansanas sa isang bukas na sako sa gitnang istante. Natakam siya sa berdeng mansanas na tila kay lutong. Ayos lang naman siguro kung kumuha siya ng isa? Pinili niya ang pinakamaliit sa lalagyan at inamoy muna iyon bago kinagatan. Maasim iyon na manamis-namis at tumulo ang katas niyon sa kanyang baba.

Kakagatan sana niya ulit iyon nang bumukas ang back door. Tinamaan niyon ang pinto ng pantry at sumara iyon, nakulong si Abby sa dilim. Sa pagkataranta, isiniksik niya ang mansanas sa istante.

“Abby?”

Boses iyon ni Tate, iniawang niya ang pinto at sumilip doon. Sa sala ito naghahanap, may batang Tate na nakatayo sa likod nito. Niluwangan niya ang bukas ng pinto, nag-iinit ang mukha. Lumingon ang dalawa nang umingit ang pinto ng pantry.

Tinitigan siya ni Tate. “Nakita mo na pala ang pantry. Medyo maraming kulang. Puwede tayong mag-grocery pagdaan natin sa bayan.”

Nagbibiro ba ito? Tatagal ang pagkain doon sa kanya nang isang taon. “Naghahanap kasi ako ng walis.” Halos mautal siya sa pagkapahiya.

“Nasa utility room. At may freezer sa terrace sa likod, puno ’yun ng karne.” Napatingin ito sa malilinis na plato. “Hindi ko sinabi na kailangan mo na kaagad magtrabaho.”

Nagkibit-balikat siya, alam na pinagmamasdan siya ng lalaking katabi ni Tate.

“Abby, ang kapatid ko, si Buddy. Buddy, ito si Abby.”

“Hi.” Ngumiti ito. “Marunong kang magluto?”

Sa kabila ng nerbiyos, nakuha niyang tumugon. “Oo.”

“Salamat sa Diyos,” dramatiko nitong saad. “Ligtas na kami.”

Pinaikot ni Tate ang mga mata. “Alam mo na ngayon na ang tiyan niya ang pinakamahalaga kay Buddy. Tutulungan niya tayo para makapaglipat ka. Mga ilang kahon ang kailangan mo?”

“Konti lang. Mga damit ko lang ang medyo madami.”

Tumango ito. “Handa ka nang umalis?”

Kailangan niyang itanong ulit. “Sigurado ka ba dito?”

Derecho itong tumingin sa kanya. “Sigurado ako.”

“Kung gan’un handa na ako.”

Nasa pagitan si Abby nina Tate at Buddy sa pick-up, nasa kandungan ang mga kamay. Relaxed na nag-uusap ang dalawa tungkol sa trabaho sa rancho. Pakiramdam niya ay nasisiksik siya.

Apektado siya sa mahabang hita ng lalaki sa isang tabi niya. Si Buddy puwedeng hindi niya pansinin. Pero ibang kaso si Tate. Tuwing bibilisan o babagalan nito ang takbo nila, nararamdaman niya ang pagagalawan ng kalamnan na nagpapasikip sa suot nitong pantalon.

Pinag-aralan niya ito nang hindi ibinabaling ang ulo. Nasa accelerator ang isang paa nito. May kaunting putik sa suot nitong boots. Medyo maluwag ang maong nito sa bandang paa at papasikip na bago umabot sa tuhod.

Tila sintigas ng bato ang mga hita nito at naisip

niya kung may reaksiyon kaya galing dito sakaling damhin niya iyon ng isang daliri. Nag-init ang mukha niya sa naisip. Puwede niyang alamin ngayon, pero gustung-gusto man niyang gawin iyon, naduduwag siya. Hindi na siguro siya magkakaroon ng iba pang pagkakataon. Nilinaw nito kaninang umaga na ang silid na gagamitin niya ay iyong tinulugan niya kagabi, kahit na kasal na sila.

Wala sa kanya iyon. Estranghero ito sa kanya, kahit na ba may nangyari na sa kanila. Nagustuhan niya ang mga halik nito, pero masakit ang sumunod. Saglit lang naman ang sakit. Pero kung kailan medyo uminam ang pakiramdam niya sa ginagawa nito, natapos bigla ang lahat. Hindi naman siya ganoon kainosente—pero hindi pa rin siya komportable na hawakan ito. Dahan-dahan niyang inilayo ang hita mula rito. Balewala rin. Magkadikit pa rin kasi ang mga balakang nila.

Dumaan muna sila sa grocery store. Bukod sa pagkain bumili na rin sila ng mga kahon na gagamitin sa paglilipat. Parang hindi iniisip ng dalawa ang presyo habang inilalagay sa basket ang items. Napangiwi siya nang umabot sa halos isandaang dolyar ang bayarin sa checkout counter, pero ni hindi kumurap si Tate. Tinitingnan sila ng cashier. Base sa expression nito, alam ni Abby na hindi na ito makapaghintay

na ipagkalat na kasama ni Tate McCullom na nago-grocery ang ‘prosti ng bayan’.

Tiningnan niya ang mukha nito, iniisip kung napahiya ba ito gaya niya. Sanay na siya, pero napahiya siya para kay Tate. Nakapatong ang kaliwang siko nito sa bukas na bintana ng truck, nasa manibela ang kanang kamay. Saglit nitong itinuon ang asul na mga mata sa kanya, pagkatapos ay muling tumingin sa kalsada. Anuman ang naramdaman nito sa sitwasyon, hindi niya masabi. Walang pagbabago sa ekspresyon nito.

Inihinto nito ang sasakyan at bumaba ito at si Buddy. Hindi siya makapagdesisyon kung saan dadaan pero hinawakan ni Tate ang pinto sa side nito, hinihintay siya. Nilampasan niya ang manibela at bumaba sa tabi nito.

Isinara nito ang pinto ng truck. “Sigurado kang ganito karaming kahon lang ang kailangan mo?”

Tumingin siya sa likod ng truck. “Tama na iyan.” Sobra pa nga.

Kumuha si Buddy ng ilang kahon at ganoon din si Tate, wala na siyang kailangang gawin kundi sumunod sa mga ito.

“Ano’ng kukunin ko sa kusina?” ani Buddy.

“Mga plato lang.” *Kakaunti lang iyon*, naisip niya.

Tumango ang binatilyo. “D’un muna ako.”

Nakatayo pa rin si Tate sa gitna ng sala, nagmamasid-masid.

“Hindi sa ’kin ang mga furniture, kaya maiiwan ’to lahat.” Kumuha siya ng isang kahon mula sa kamay nito. “Kukunin ko lang ang mga damit ko.”

Hindi niya namalayang nakasunod ito sa kanya hanggang sa ibagsak nito ang natitirang kahon sa sahig. Tahimik niyang binuksan ang mga drawers at inilagay ang laman ng mga iyon sa kahon. Saglit lang at tapos na siya.

“Sa iyo ba itong mga kumot?”

“Oo.” Sale iyon noong isang taon. Kupas na pero nagagamit pa rin. Isang set iyon, nag-iisang set na mayroon siya.

Lumapit siya sa aparador, binabantayan pa rin si Tate. Tinupi nito ang kumot at inilagay iyon sa kahon. Isinunod nito ang unan, pagkatapos ay tumungo ito upang alisin ang kubre kama. Bigla ay para itong itinulos, nakatitig sa kama.

Lumayo si Abby sa closet para makita kung ano ang umagaw sa atensyon nito. Nang malaman niya,

parang naiga ang dugo niya sa katawan. Sinubukan niyang alisin ang mantsa, sinubukan niya talaga. Pagkaalis nito nang gabing iyon, inalis niya ang kumot at ang bedsheet at kinuskos niya ang parteng may mantsa ng dugo hanggang sa sumakit ang mga daliri niya. Pero sa kabila ng hirap niya, may naiwan pa rin doon.

Kahit may naisip pa siyang sabihin, wala na ring oras. Tinitigan siya ni Tate, isang di-mapangalanang emosyon ang nasa mga mata nito.

Bigla itong tumalikod at tumungo upang buhatin ang kahon na napuno niya.

“Dadalhin ko muna ito sa truck.” Magaspang ang boses nito at nais mapangiwi ni Abby. Pagkalabas nito ng silid, hinaklit niya ang mga panlatag at isiniksik ang mga iyon sa ilalim ng isa pang kahon.

Ano ba'ng problema ko? Inilapag ni Tate ang kahon ng damit sa likod ng truck at tumuon sa sasakyan. Nababaliw na ba siya?

Alam niya kung ano ang mantsang iyon pagkakakita niya. Kung nag-isip siguro siya, baka hindi na siya nagtaka na naroon iyon. Ang di niya inaasahan ay ang mga larawang pinadaloy niyon

sa isip niya. Ang totoo, alaala ang mga iyon, hindi basta larawan. Ang makinis nitong balat sa mga palad niya. Ang lambot ng buhok nito. Ang malinis na amoy ng sabon. Kung paano gumalaw ang mga labi nito sa ilalim ng mga labi niya, napakainosente, napakatamis.

Napaungol siya at inilapat niya ang noo sa malamig na metal sa harapan niya. Nang umatake ang mga sensasyong iyon kanina sa kuwarto, tuluy-tuloy ang masakit na reaksiyon ng kanyang katawan.

God. Baliw na nga siya. Si Diane ang gusto niya, hindi isang estranghera na minsan lang niyang nakatabi. Siguro dahil virgin ito. Parang nabubuhay ang pagkalalaki niya kapag naaalala niya iyon. At madalas niya talagang naiisip iyon. Gabi-gabi nitong huling anim na linggo kung magpapakatotoo siya. At ganoon lagi ang reaksiyon niya.

Si Abby ang unang birhen na naangkin niya kaya wala siyang ibang pagkukumparahan dito. Hindi niya alam kung iba ang nararamdaman niya. At hindi niya talaga pinagtutuunan pa iyon. Alam niyang hindi siya ang unang lalaki sa buhay ni Diane. Hindi iyon mahalaga sa kanya. Kahit hindi ito inosente, magaling naman ito. Pero may isang bagay tungkol kay Abby na umaakit sa kanya, isang bagay na di

niya malabanan—

“Hey, akala ko tutulong lang ako, ako na gumagawa ng lahat.”

Iniangat niya ang ulo at tiningnan ang kapatid. “Tsini-check ko lang ang gulong. Parang mababa.”

Umikot si Buddy sa truck at tumungo. “Okay naman, ah. Halika na, patapos na si Abby.”

Nag-aalalang tumingin siya sa bahay bago tumango. “Susunod na ako.”

4

Hindi magarbo ang damit, hindi rin bago, pero iyon lang ang bestida niya. Saglit niyang pinadaan ang kamay sa ibabaw niyon bago iyon isinabit sa closet.

Isusuot niya iyon sa Lunes sa kasal niya. Medyo malaki iyon sa kanya, pero nagustuhan niya kaagad ang murang berdeng kulay ng bestida at hindi iyon masyadong mahal. Para sa kanya ay maganda iyon.

Maikli ang sleeves at pabilog ang neckline. Empire style ang tabas, at may isang linya ng maliliit na butones na tila perlas sa harap ng bestida, mula sa kuwelyo niyon hanggang sa ilalim ng dibdib.

Ini-hanger niya ang bestida sa dulo ng halos bakanteng closet upang hindi iyon magusot. Nailagay na niya roon ang iba pa niyang damit. Hanggang kailan kaya magkakasya ang mga iyon sa kanya at ano ang gagawin niya kapag hindi na? Ayaw niyang humingi kay Tate ng pera. Ito na nga ang sasagot ng lahat ng gastos sa ospital.

Naulinigan niya ang mahinang pag-uusap mula sa ibaba habang tinitingnan niya ang sarili sa salamin. Magdadalawang-buwan na siyang buntis,

pero parang walang ipinagbago ang tiyan niya. Sa ngayon, walang makakahalata ng kondisyon niya.

Mukhang hindi siya kabilang sa mga babae na nababasa niyang mas maganda kapag nagbubuntis.

Maputla ang balat niya at nanlalalim ang kanyang mga mata. Hindi naman sa dati na siyang maganda. Maliit ang mukha niya, at malalaki ang kanyang mga mata. At kulay-kape ang mga iyon. Ordinaryo. Mas maganda kung magiging kakulay ng mga mata ni Tate ang sa anak niya. Napakaganda ng asul nitong mga mata.

Nang maisip ang lalaki ay nagmamadali niyang tinungo ang pinto. Sabi nito ay aayusin nito ang mga pinamili nilang groceries habang nagsasalansan siya ng mga damit niya. Pero trabaho niya ang magayos sa bahay. Iyon ang dahilan kung bakit siya nito pakakasalan at hindi niya hahayaang makahanap ito ng maiipintas sa kanya.

“Gusto ko siya.”

Napaangat ang tingin ni Tate sa sinabi ng kapatid.
“Si Abby?”

“Oo.” Inihagis nito ang isang loaf ng tinapay sa

kanya. Malinis niyang nasambot iyon at inilagay iyon sa pantry. “Medyo payat nga siya, pero maganda siya, di ba? Parang nininerbiyos nga lang.”

“Hindi pa kasi siya sanay sa atin.”

“Siguro nga tama ka. Pero ang isipin na matali sa iyo habambuhay, kahit estatwang bakal manginginig sa takot.”

Natigilan siya. Habambuhay. Sa ngayon, hanggang Lunes pa lang ay nahihirapan na siyang isipin. Umiling siya. “Sa totoo lang, ayaw niya talaga. Ang tagal ko siyang kinausap bago ko siya nakumbinsi. Kinailangan kong palabasin na ginagawan niya tayo ng pabor kung pakakasalan niya ako.”

Sumandal si Buddy sa cabinet. “Nagtaka ako n’ung naglinis siya ng kusina kaninang umaga.”

“Iyon siguro ang intindi niya sa sinabi ko.” Tumigil siya sa pinto ng pantry. “May pride siya, Buddy. Kung malalaman niyang para sa bata kaya lang kami magpapakasal, hindi siya papayag.”

“Hindi ba dahil lang naman talaga d’un kaya mo siya pakakasalan?”

Pinagmasdan ni Tate ang mansanas na nasa kanyang kamay. May kagat iyon. Isinuksok niya iyon

kung saan niya nakita bago sumagot. “Hindi. Pararin sa kanya. Nakita mo ang tinitirhan niya. Ni wala siyang pagkain.” Nag-alangan siya. “Hindi ko nga siguro gagawin kung di dahil sa bata, pero kailangan niya ng tulong. Ako lang ang makakatulong sa kanya.”

“Nasabi mo na ba kay Diane?”

Umiling siya. “At ipagpapasalamat ko kung hindi mo muna sasabihin kahit kanino hangga’t di ko siya nakakausap. Alam kong walang maiilhim sa isang lugar na ganito kaliit, pero sa akin dapat marinig ni Diane ang lahat. Karapatan niya iyon.”

“Sige. Sa akin lang, tama ang ginagawa mo. Kailangan ka ni Abby kahit na hindi niya maamin iyon. Walang ibang kailangan si Diane kundi salamin.”

“Buddy—”

Itinigil niya ang pagsaway rito nang makarinig ng mga yabag sa hagdanan. Nagmamadali si Abby papunta sa pantry at napatigil bigla nang makita ang paligid.

“Ay, tapos na kayo. Ako sana ang gagawa niyan.”

“Kakaunti lang naman. Natapos agad namin.”

“Kung ganoon, magluluto na ako ng hapunan.”

Tumuwid si Buddy. “Huwag mo na akong idamay. Lalabas kasi ako.” Nag-angat ito ng kilay kay Tate. “Kung puwede kong mahiram ang susi ng truck?”

Kinuha iyon ni Tate sa bulsa at ibinigay sa nakababatang lalaki. “Huwag mong ubusin ang gas. O magpagasolina ka bago ka umuwi.” Mula nang magkalisensya ito ay Sabado ang schedule nitong gamit sa truck. Biyernes naman siya. Siguro magbabago iyon ngayong mag-aasawa na siya.

“Di ba lagi ko namang ginagawa iyon?” Palabas na ito.

“Hindi. Umuwi ka bago maghatinggabi,” sigaw ni Tate.

“Oo na.” Isinara na nito ang front door.

Napatingin siya kay Abby, naalangan bigla. Kumuha ito ng kawali sa cabinet at ipinatong iyon sa stove.

“Puwede na ba ang spaghetti?” Hindi ito nag-angat ng tingin.

“Okay na iyon. May gusto ka bang ipagawa sa akin?”

“Wala, kaya ko na ’to.” Kinuha nito ang karne at inilagay iyon sa pan, bahagyang pinahina ang apoy.

Inilagay ni Tate ang mga kamay sa bulsa habang pinapanood itong magtrabaho. Tama si Buddy. Maganda nga ito. Parang payat na pusa na gusto mong iuwi at pakainin, bigyan ng maayos na matutulugan. Habambuhay. Umugong ang sinabi ni Buddy sa isip niya, pero hindi niya iyon pinansin. Ayaw muna niya iyong isipin sa ngayon.

“Tinawagan mo na ba si Pete para sabihing titigil ka na?”

“Oo, pero hindi ako sigurado kung tama ba iyon. Puwede pa naman akong magtrabaho nang ilang buwan bago niya malaman at kailangan ko din iyong pera.”

“Abby, hindi mo kailangan iyong pera. May envelope d’un sa pinakataas na drawer ng desk ko, may pera doon para sa mga gastusin. Kung may kailangan ka, kumuha ka lang.”

Namilog ang mga mata nitong nakatingin sa kanya. “Hindi ko puwedeng gawin iyon! Pera mo iyon.”

“Hindi.” Mahina lang ang boses niya. “Pera natin. Magiging asawa kita. Lahat ng sa ’kin, magiging sa iyo na rin.” Pakiwari niya ay higante siya sa tabi nito. Milagro yatang hindi niya ito napatay nang... Inalis

niya ang isip sa tinatakbo niyon, sinisikap na pigilin ang reaksyon ng katawan.

“May kopya ka ba ng birth certificate mo? Kailangan natin iyon para sa marriage license.”

Pumaling si Abby sa stove at mabilis na hinalo ang nasa isang kaserola. “Oo. Kinailangan ko iyon para sa...” Tumigil ito at namula.

Napatingin siya rito. “Para saan?”

“Wala.” Umiling ito. “Nasa taas kasama ng mga gamit ko.”

Inalis niya ang mga kamay sa bulsa. “Sige, haharapin ko muna iyong traktora hanggang handa na ang hapunan. Sigawan mo na lang ako pag tapos na. Nand’un lang ako sa shed na kasunod ng kuwadra.”

“Okay.”

Lumingon ito para kumuha ng kutsara. Nagtagpo ang paningin nila. “Alam kong kinakabahan ka ngayon at bago sa iyo ang lahat. Naninibago rin ako. Pero maaayos din ito, Abby. Pangako.”

Tahimik itong tumango at lumabas na siya ng pinto.

Lumabas si Abby sa terasa sa likod at pababa na ng hagdan nang sumulpot ang aso mula sa sulok ng bahay. Nanigas siya. Mukhang mas malaki at mas mabangis ito sa umaga kaysa sa gabi. May batik ng brown at itim ang balahibo nito.

Tumigil ito at tinitigan siya sandali, pagkatapos ay lumapit, hindi gumagalaw ang buntot. Pigil niya ang hininga habang iniikutan siya nito, inaamoy ang mga binti niya, hanggang sa gumalaw-galaw ang buntot nito.

“Mabait kang aso?” Pagkarinig sa boses niya, bumilis ang galaw ng buntot nito at tinapik niya ang ulo nito. Hindi naman siguro nito sasakmalin ang binti niya. Pinilit niyang huwag pansinin ito, at nagtungo na sa shed. Hindi na siya sinundan nito.

Bukas ang dalawang pinto sa metal na gusali, pero matindi pa rin ang init na nanggagaling sa loob. Nakakabingi ang tunog na galing sa makina ng malaking traktora at amoy diesel ang hangin.

Tumigil siya sa pinto at hinanap si Tate. Bukas ang side panel ng traktora at nakayuko ito sa motor, may inaayos. Hubad-baro ito at nakapatong sa isang malaking gulong ang polo nito. Pawisan ang likod

nito, at nangingintab ang balat na sunog sa araw, gumagalaw ang kalamnan ng lalaki sa bawat kilos nito.

Napalunok si Abby, pinipigilan ang pagkatukso na damhin ng kanyang mga kamay ang likod na iyon. Malinaw sa kanya ang pakiramdam nang unang beses itong makaniig. Saglit na naibsan nang kaunti ang kalungkutan niya. Minsan sa buhay niya nadama niyang hindi siya nag-iisa, kahit na nga ba saglit lang iyon.

“Tate?” Ni hindi niya marinig ang sariling boses at ni hindi ito nag-angat ng tingin. Lumapit siya at alanganing inilagay ang isang kamay sa bisig nito, at agad na binawi iyon nang bigla itong tumuwid. Nauntog tuloy ang lalaki sa nakataas na takip ng makina.

Gumalaw ang bibig nito nang humarap sa kanya, pero hindi niya marinig ang sinasabi nito. Umiling ito, pagkatapos ay may inabot sa loob ng motor. Namatay ang ingay at naiwang umuugong ang mga tainga niya dahil sa katahimikan.

“Sorry. Hindi ko narinig nang sumigaw ka.”

May grasa ang mga kamay nito at humigit ito ng towel mula sa bulsa nito sa likod upang ipamunas.

Pero hindi iyon ang nakaagaw sa atensyon ni Abby. Natatabunan ang dibdib nito ng manipis na balahibo, pababa hanggang sa maglaho iyon sa itaas ng pantalon nito.

Nang maisip na nakatitig siya rito, nag-angat siya ng tingin. Pinapanood siya nito at umakyat ang init sa mukha niya dahil sa pagkapahiya. “Handa na ang hapunan,” naibulalas niya.

Tumango ito. “Maglilinis muna ako. Pakidampot na’ng damit ko, ha?” Ipinakita nito sa kanya ang grasa sa mga kamay, at lumabas sa side door na hindi niya napansin.

Dapat ba siyang sumunod dito? Mukhang ganoon na nga. Hawak ang damit sa kuwelyo, lumabas siya sa pinto. May tubig na tumutulo sa isang batya na yari sa lata sa ibaba. May mga tuwalya sa isang bahagi, sabon at basag na piraso ng salamin.

Inilubog ni Tate ang mga bisig nito sa tubig, pagkatapos ay dinampot ang sabon at nagsimulang magkuskos habang manghang nanonood si Abby. Wala pa siyang lalaking nakita na kasing-tikas nito. Ang mga pumupunta sa *Delly’s* ay karaniwang malalaki ang tiyan. Iyong iba naman ay napakapayat na parang liliparin ng kaunting hangin.

Walang payat kay Tate. Parang washboard ang tiyan nito. Walang ordinaryo sa pagkatao nito.

May sumagi sa hita niya at inalis niya ang atensyon kay Tate upang tumingin sa ibaba. Bumalik ang aso, parang may inaasam habang nakatingin sa kanya.

“Palagay ko gusto ka niya.”

“Talaga?” Sumulyap siya kay Tate. “Paano mo nasabi?”

“Madalas kasi walang-kibo lang iyan sa mga hindi niya kilala.”

Muli niyang tinapik ang ulo ng hayop, mas panatag na ngayon. “Ano’ng pangalan niya?”

“Parang wala. ‘Dog’ lang ang tawag namin sa kanya.” Binanlawan nito ang sabon sa kamay nito at kumuha ng tuwalya.

“Pinapapasok ba siya sa bahay?”

Inilapag ni Tate ang tuwalya sa isang timbang katabi ng palanggana at kinuha ang polo nito mula sa kanya, isinuot iyon pero hindi nag-abalang ibutones pa. “Hindi. Masyado siyang madumi.”

Nakakadalawang-hakbang pa lang ito nang

tumigil at ilagay sa balikat niya ang isang kamay nito. “Tingnan mo.”

Naghatid ng init sa kanya ang hawak na iyon, at parang kumibot ang tiyan niya, pero sinundan niya ang direksyon ng nakaturo nitong daliri.

Nang una, parang dumikit na putik lang na nasa alero ng shed ang nakita niya. Pagkatapos ay may sumungaw na tatlong maliliit na ulo ng inakay, nakabuka ang mga tuka. May patpating ibon na naglagay ng kung ano sa tuka ng mga inakay bago lumipad palayo, at kuminang ang balahibo ng mga pakpak nito sa araw.

“Ang ganda,” bulalas niya.

Malapit lang si Tate. “Golondrina ang ibong iyon, lalaki. Tuwing tagsibol, bumabalik sila at ginagamit nila ang dati na nilang pugad.”

“Nasaan iyong inahin?”

“Darating din siya mamaya. Dalawang magulang ang nagpapalaki sa inakay nila.” Ibinaba nito ang kamay. “Kumain na tayo. Nagugutom na ako.”

Nakatingin siya sa likod nito habang pabalik sila sa bahay. Bakit nito ipinakita sa kanya ang mga ibon? May mensahe ba ang kilos nitong iyon? Kung mayroon

man, hindi niya nakuha. Hindi naman siguro nito literal na sinasabing tutulungan siya sa pagpapalaki ng bata. Napabuntong-hininga siya habang paakyat sila ng hagdan. Wala siyang magagawa sa ngayon. Bahala na pagdating ng panahon.

Kaagad na naupo si Tate, kumuha ng spaghetti, salad at garlic bread. “Mukhang masarap. Amoy masarap din.”

“Salamat.” Pinili niya ang upuan sa tapat nito at naglagay sa sariling plato. “Gumawa ako ng apple pies para sa panghimagas. Sana okay na iyon.”

“Okay na okay.” Puno ang bibig nito nang umimik. “Abot-abot ang pasasalamat sa ’yo ni Buddy. Saan ka natutong magluto?”

Nagkibit-balikat siya. “Ako na talaga ang nagluluto bago pa namatay ang nanay ko. Masyadong mahal iyong ready-to-eat na pagkain.”

“Kailan siya namatay?”

“Mahigit isang taon na din. Nagka-cancer siya.”

“Sorry.”

“Matagal siyang pinahirapan ng sakit niya. Siguro mas magaan para sa kanya ang nangyari.”

“At nagtrabaho ka na sa *Delly’s* mula noon.”

Hindi iyon tanong. “Oo.”

“Wala kang tulong na natanggap galing sa gobyerno?”

Nangalisag siya. “Hindi ako tumatanggap ng limos. Nang maospital ang nanay ko, nakita ko kung paano siya tratuhin doon. Na para bang hindi siya tao dahil tumatanggap siya ng tulong galing sa estado. Inalis ng mga taong iyon ang pagkatao niya, pahirapan bago makakuha ng gamot. Nagdusa siya nang hindi dapat. Walang puwedeng gumawa ng gan’un sa akin. Mamamatay muna ako.”

Naghari ang katahimikan at lalong kinabahan si Abby. Ganito ba lagi ang mangyayari kapag silang dalawa lang? Nag-apuhap siya ng masasabi.

“Para saan iyong traktora?”

Nag-angat ng tingin si Tate. “Marami. Sa pagtanim, pag-aani, paghila ng wagons. Hindi puwedeng wala iyon.”

“Akala ko baka at kabayo lang ang kailangan sa rancho.”

“Mayroon din. Pero dahil sa tagtuyot, naibenta iyong ilang baka, mas marami kaysa sa gusto ko.

Ibig sabihin n'un mas maraming cash crops ang kailangang itanim at mas malaki ang requirement sa patubig.”

“Cash crops?”

Sumubo itong muli at tumango. “Oo. Mga produktong naibebenta, gaya ng bulak at soya. Karaniwan ang mga pananim namin ay Milo, mais, batad at dayami. Mga pakain sa hayop. May mga kamalig kami, kaya nakakapagtabi kami ng mga produkto para sa amin. At minsan, pag maganda ang panahon, meron pa kaming naiipagbili sa ibang rancho.”

Iyon ang pinakahaba nitong sinabi sa kanya at naaliw siya sa tunog ng boses nito. Walang-duda na mahal nito ang trabaho. “Pero wala akong nakita kahit isang baka.”

“Nasa pastulan kasi sila. Makikita mo kapag dinala namin sila para markahan. Sa Setyembre siguro. Sapat na panahon iyon para bumitiw ang mga guya at maasikaso ko ang mga pananim.”

“Ikaw lahat ang gumagawa n'un?”

“Pag-uwi ni Buddy galing sa school, tumutulong siya. May mga pagkakataon na nagtutulungan ang mga magkakapit-bahay. Tumutulong kami sa kanila,

sa gayon di na kami magbabayad ng trabahador.”

“Ano’ng oras ka gumigising sa umaga?”

“Tuwing weekdays, bandang alas seis. Iba kapag weekends. Linggo bukas, kaya aalis siguro ako nang mas maaga.”

“Aalis?” Sandali siyang tumahimik. “Saan ka pupunta?”

“Mangingisda. Pag masuwerte ako, sariwang isda ang pang-ulam natin sa hapunan. Iyon, kaya ko na iyong lutuin.”

“Hindi mo kailangang gawin iyon,” mabilis niyang sabi. “Ako na ang gagawa.”

“Nope. Tradisyon iyon sa pamilya. Kung sino’ng nangisda, siya ang maglilinis at magluluto.” Pagkatapos kumain ni Tate ay kinuha ni Abby ang plato niya at dinala iyon sa lababo kasama ng plato nito, bumalik ito na may dalang apple pies. Parang balisa ito at nahulaan niya agad kung bakit.

Balewalang kumuha siya ng pie at kumagat doon, saglit na tumigil para ngumuya. “Ganito na lang. Hati tayo sa trabaho. Ako ang magluluto ng isda at ikaw ang bahala sa side dishes.”

“Ano’ng side dish?”

Kahit paano, mas kalmado na ito ngayon. “Iyong karaniwan. French fries, cole slaw, hushpuppies.”

“Hushpuppies?”

“Marunong kang gumawa ng corn bread?” Kinagatan niya nang mas malaki ang pie at binasa ang labi niya. Napakasarap ng inihanda nito.

Tumango ang babae.

“Iyon kasi ang mahirap.” Isinubo niya ang huling piraso ng pie.

“Sige.”

Iyon ang unang beses na ngumiti ito sa kanya at tila nagbago ang buong anyo nito. Talaga bang inisip niya na presentable lamang si Abby? Napakaganda nito. Kapag ngumingiti ito, may dimples na sumusungaw sa pisngi nito at nagliliwanag ang buong mukha. Tumikhim siya at ipinihit ang tingin palayo rito.

“Paano, may aasikasuhin pa akong papeles. Nasa opisina lang ako kung kailangan mo ako.” Bago pa siya nakalabas sa pinto ng kusina ay naririnig na niya ang tubig sa lababo, tiyak na lilinisin na nito ang mga pinagkainan nila. Kapag hindi niya ito binantayan, papatayin nito ang sarili sa paggawa sa bahay niya.

5

Tahimik na nagbihis si Tate at bitbit ang boots lumabas ng silid niya. Ilang oras pa bago mag-umaga. Ganitong oras talaga siya nangingisda tuwing araw ng Linggo at hindi niya sigurado kung kaya niyang baliin ang kinaugaliang iyon.

Ibinaba niya ang hawak na boots sa kusina, gagawa sana ng kape para dalhin nang matigilan. May nakahanda na sa ilalim ng coffeemaker. Sa tabi niyon ay may plato ng biscuits na nakabalot sa cellophane. Homemade, may ilang hiwa ng bacon sa gitna.

Kailan iyon ginawa ni Abby? Nagtataakang dumampot siya ng isa. Mainit pa. At wala kahit isang maruming plato. Parang kumikinang ang kusina. Hindi naging ganoon kalinis iyon simula nang mamatay ang mama niya. Ginabi na siguro si Abby sa paglilinis doon. Hindi iyon makakabuti para rito o sa bata.

Ibinaba niya ang biscuit, at muling tinungo ang hagdan, tumigil siya sa kuwarto ni Abby at marahang kumatok. Nang walang sumagot, itinulak niya pabukas ang pinto at lumapit sa tabi ng kama. Tulog na tulog

ito, nasisinagan ng buwan. Nasipa nito patungo sa dulo ng kama ang kumot at nakatagilid, malapit ang isang tuhod sa dibdib, ang isa ay nakatuwid.

Bahagyang nakalatag ang itim nitong buhok sa unan at nakasabog ang ilang hibla sa mukha nito, pero nakikita pa rin niya ang mahaba nitong pilikmata, ang nakakuyom na kamay malapit sa ulo nito. Naka-relax ang kaliwa nitong kamay, kita ang palad sa ibabaw ng latag. Maliit ang kamay nito. Parang napakaliit nito sa malaking kama. Hindi pa nito sinakop ang katapat na bahagi niyon. Napakabata nitong tingnan, malapit sa doce kaysa sa... sa ano?

Bigla niyang naisip na hindi niya alam kung ilang taon na ito, na wala talaga siyang alam na kahit ano tungkol dito. Bukod sa dinadala nito ang anak niya. Isang matinding emosyon ang sumakop sa kanya, halos ikatumba niya. Dumaan ang ilang sandali bago niya iyon nakilala. Bakit biglang-bigla ay nais niya itong protektahan? Dahil ba buntis ito, o dahil mukha itong kaawa-awa? Dahil siguro sa mga dahilang iyon.

May mabining hangin na nagpasayaw sa kurtina sa mga bukas na bintana at dumampi kay Abby. Mahina itong umungol, hinigit ang dalawang kamay at inilapat ang dalawang binti palapit sa katawan nito.

Napangiti siya sa ginawa nito, tumungo siya at kinumutan ito hanggang balik. Sinulyapan niya ito sa huling pagkakataon at umalis na sa silid para bumaba.

Dinala ni Abby ang mop papunta sa terasa sa likod at itinayo iyon sa dingding para patuyuin. Buong umaga siyang naglinis sa unang palapag ng bahay at ngayon ay para iyong pinakinis na barya. Nilinis niya lahat puwera ang opisina ni Tate. Baka kasi may magalaw siyang importante.

Namangha siya na ikinagaan sa loob niya ang ginawang paglilinis, at kung paano siya natuwa nang makitang naubos ang mga biskwit at kape.

Ni hindi niya sigurado kung tama ang ginawa niya nang bumangon siya nang maaga para ihanda ang mga iyon, pero dinala ni Tate. Wala naman siguro siyang ginawang mali. Marami rin siyang kinain bago siya natulog ulit, at iyong itinira ni Tate, inubos naman ni Buddy.

Sinilip niya ang kuwadra bago bumalik sa loob. Minsan, nakakarinig siya ng ingay roon at alam niyang naroon si Buddy. Gagawa muna siya ng school homework niya. May mga leksyon na kailangan

niyang matapos ngayong linggo.

Pagbalik sa kuwarto niya, kinuha niya ang karton sa ilalim ng kama at maayos na ipinatong ang laman niyon sa kutson. Pinili niya ang mga libro sa History at Math, kumuha ng mga lapis at papel at tumingin sa paligid. Wala siyang mapaglalagyan ng typewriter niya sa kuwarto. Kailangan niya iyong dalhin sa ibaba, sa kusina, at doon siya magtatrabaho, sana lang ay walang dumating at makakita sa kanya.

Dala ang mga libro, hinagip niya ang typewriter sa puting hawakan at binitbit iyon pababa ng hagdan. Saglit niyang sinipat ang kusina. Tahimik pa rin ang bahay, walang ibang tao.

History muna, naisip niya, at binuksan ang aklat sa chapter sa World War II. Dahil tutok sa ginagawa mabilis niyang nalimutan ang oras.

“Ano’ng ginagawa mo?”

Gulat na napasigaw siya at muntik nang naitapon ang libro.

Nag-uusisa ang tingin ni Buddy.

“Wala.” Nakahinga siya ulit. “Nagbabasa lang.”

“Ng ano?” Lumakad ito papunta sa mesa at sinulyapan ang cover ng libro. “History? Bakit mo

babasahin, hindi mo naman kailangan?”

Naramdaman niya ang pamumula ng mukha. “Kailangan. Para magkaroon ako ng G.E.D., General Education Diploma. Kumukuha kasi ako ng correspondence courses.”

“Ah.” Alanganin ito. “Magaling ka ba dito?”

Tumingin siya sa libro at nagkibit-balikat. “Gusto ko ang History at Science, pero mahina ako sa Math.”

“Talaga?” Parang nagliwanag ang mukha nito. “Medyo magaling ako sa Math pero bulok ako sa History. Deal tayo. Tutulungan kita sa Math kung tutulungan mo ako sa history. May report akong ipapasa, eh, two weeks mula ngayon.”

“Tungkol saan?” Hindi niya mapigilan ang interes na dumaloy sa kanya.

“Chivalry.” Pinaikot ni Buddy ang mga mata. “Ang alam ko lang kasi d’un ay mga lalaking itinatapon ang mga damit nila sa putikan para tapakan ng mga babaeng gustong dumaan.”

Napahalakhak siya. “Palagay ko, higit pa doon ang kahulugan n’un. May chapter dito sa libro tungkol sa chivalry at may listahan din ng iba pang readings.” Inialok niya rito ang libro, nagtatataka sa tila gulat

na ekspresyon sa mukha nito habang nakatingin sa kanya. “May problema ba?” Namula ulit siya.

Tumikhim ito. “Ah, wala.” Kinuha nito ang libro at tiningnan ang listahan. “Meron kaya sila nito sa library?”

“Siguro. Kahit iyong iba man lang.”

“Puwede tayong pumunta pagkagaling ko sa school. Bukas ang library hanggang nine.”

Saglit siyang natigilan. “Gusto mo ’kong isama?”

“Siyempre. Kailangan ko ng tulong para hanapin ’tong mga libro. ’Tapos kukuha tayo ng libro sa Algebra para sa ’yo.”

“Okay.” Sana lang ay walang alinlangan ang tinig niya. Paano kung may magkomento habang kasama niya ito? Sanay siyang mapahiya. Si Buddy hindi.

“Okay. Kukunin ko na rin ang mga libro ko. Para hindi na ako sigawan ni Tate.”

“Sinisigawan ka niya?”

Napasimangot ito. “Kapag hindi ko lang ginagawa ang homework ko. Mahalaga kay Tate ang edukasyon. Siguro nakuha niya kay Mama. Gan’un din kasi ang mama ko.” Umalis ito sandali at pagbalik ay dala na

ang mga libro nito at naupo sa tabi niya.

Iniwan ni Tate ang pamingwit sa isang silid sa kamalig at binitbit ang mga nahuling isda patungo sa back door. Nakarinig siya ng nag-uusap habang idinideposito ang mga huli sa isang cooler na puno ng tubig. Sumilip siya sa kusina.

Magkatabi sina Abby and Buddy, halos magkauntugan na sa lapit ang ulo ng mga ito, may pinag-aaralang papel sa harapan. May mga nagkalat na libro sa paligid.

“Ipakita mo sa ’kin kung paano mo nakuha iyong sagot,” ani Abby.

“Madali lang. Basta unahin mo iyong operations na nasa pinakaloob na brackets. Okay?”

Sandaling nagsulat si Abby at tuwa itong nagsalita. “Nagawa ko!”

“At tama ang sagot mo.”

Nakatitig dito si Buddy at napangiti si Tate. Natuklasan na nito ang nadiskubre niya noong isang gabi. Na kapag ngumingiti si Abby parang nagliliwanag ang mundo. Ang huling kailangan niya ay magka-crush dito ang kapatid niya, pero huli na.

Mukhang tinamaan na si Buddy.

Iniwan ni Tate ang maputik niyang bota sa terasa at binuksan ang pinto upang pumasok. Inagapan niya ang pinto bago iyon bumagsak. “Bago ito, ah. Hindi kita kailangang puwersahin na gumawa ng homework mo.”

Tumingala si Buddy at mayabang na ngumiti. “Nag-aaral kami ni Abby. Para sa G.E.D. niya. Tinutulungan ko siya sa Math at tinutulungan niya ako sa History.”

“Ganoon pala.” Sumulyap siya kay Abby.

Kanina pa ito nakatayo, namumula ang mga pisngi. “Sorry. Hindi ko namalayan na hapon na pala.”

“Ayos lang. Tapusin mo muna ang ginagawa mo.” Kahit siya ay nahalata ang iritasyon sa sariling boses. Komportable ito kay Buddy, nakikipagtawanan pa. Pero nagkukumahog ito pag nasa paligid siya. Ano ba ang palagay nito sa kanya, halimaw?

Hindi, anang resonableng bahagi ng utak niya. Ikaw ang estrangherong nakauna at nakabuntis sa kanya. Hindi niya ito masisisi kung mas palagay ang loob nito kay Buddy. Muntik na niyang hindi napigil ang mapabuntong-hininga.

Nililigpit na ni Abby ang mga libro nito. “Tapos na ako. Ilalagay ko lang ito sa taas at maghahanda na ako ng hapunan.”

Parang tinakbo nito ang hagdan at muli siyang nairita. Nang isara ni Buddy ang mga libro nito, tiningnan niya ito nang masama. “Ano sa palagay mo ang ginagawa mo?”

“Nagliligpit. Halos tapos na ito. Tutulungan ko na lang si Abby sa hapunan.”

Ngayon talagang napabuntong-hininga na siya. Kahit kailan ay hindi nagboluntaryo si Buddy na gumawa sa kusina. Magiging problema ito pag nagkataon. “Kung kailangan niya ng tulong, tutulungan ko siya. Dahil patapos ka na rin lang, ituloy mo na ’yang homework mo.”

“Naman, Tate, mamaya na lang.”

Pinanlisikan niya ito ng mga mata at bubulung-bulong na napabalik ito sa upuan. Pagkatapos masigurong hindi na ito magpoprotesta, binuksan niya ang isang drawer at naghanap ng panlinis sa isda.

Na-fillet na niya ang isda nang bumalik si Abby, may hinahalo ito sa isang bowl. “Ano ’yan?”

Nag-angat ito ng tingin. “Cake. Mag-bi-bake muna ako habang niluluto pa iyong ibang pagkain.”

Biglang naging alerto si Buddy. “Chocolate? May icing?”

Nginitian ito ni Abby. “Oo.”

Iniarko ni Tate ang kilay. “Sa ginagawa mo, hindi na tayo magkakasya sa pinto paglipas ng anim na buwan.”

Nanigas si Abby, malaki ang mga matang napatitig sa kanya. “Babawasan ko na lang ang niluluto ko.”

Napigilan niya ang gagawin nitong pagtatapon sa hinahalo. “Abby, biro lang iyon. Tama lang ang dami ng niluluto mo.”

Nakatitig pa rin ito sa hawak na bowl. “Sigurado ka?”

“Oo. Totoo.” Naghintay siya, pero nang di nito ituloy ang paghahalo, tinungo na niya ang pinto. “Magsa-shower muna ako sa taas. Mamaya ko na lulutuin iyong isda pagkatapos.”

“Okay.”

Malalim ang iniisip niya habang paakyat sa hagdan. Sinabi niya rito kahapon na magiging maayos

ang lahat, nangako siya. Pero parang kabaligtaran ang nangyayari. Baka kailangan nilang mag-usap. Kailangan niya itong kumbinsihin na hindi siya nito dapat katakutan.

Hinintay ni Tate na makapaglinis si Abby sa kusina. Nasa kuwarto na nito si Buddy at nagpapatugtog. Kailangan niyang pigilan ang sarili na tulungan itong magtuyo ng plato. Baka isipin pa nitong may mali sa ginagawa nito kaya niya gagawin iyon.

“Tapos na?”

Maingat itong tumingin sa kanya at tumango.

“Maganda ang gabi. Kung d’un kaya tayo sa terrace?”

Parang nagulat ito sa suhestiyon. “Lilinisin ko sana iyong banyo sa taas.”

“Makakapaghintay iyon.” Tumayo siya at inilahad ang kamay. Parang naririnig niya ang tunog ng orasan sa sala habang hinihintay itong abutin iyon. Sa wakas ay tinanggap nito ang kamay niya, pero parang handa itong tumalilis anumang oras.

Nagtungo sila sa swing, hawak pa rin niya ang kamay nito, hinigit niya ito patabi sa kanya. Kahit

nang bahagya nitong hilahin ang kamay, hindi niya ito binitawan.

“Bukas na ang korte ng alas nueve bukas. Aalis tayo ng eight-thirty, kung okay lang sa 'yo.”

Bahagya itong tumango, nasa malayo ang tingin.

“Huwag ka nang magluto ng agahan. Sa bayan tayo kakain.”

Sa pagkakataong ito, ni hindi ito tumango at nakaramdam siyang muli ng iritasyon. Walang nangyari sa pagpapakahinahon niya. Kailangan niya itong deretsahin. “Abby, takot ka ba sa 'kin?”

“Hindi.” Mahina ang boses nito at ayaw tumingin sa kanya.

“Kung gan'un, ano'ng problema?” Hindi niya sigurado kung paano sasabihin ang gusto, basta kailangan niyang masabi iyon. “Alam kong nasaktan kita n'ung gabing iyon, pero hindi ko sinasadya. Gan'un talaga sa unang beses.”

Nakita na niya itong mag-blush dati, pero pulang-pula ang mga pisngi nito ngayon.

“Alam ko. Hindi naman iyon.”

“So ano nga ang problema?”

Ito naman ang nag-alinlangan. Naghintay siya.

“Hindi ko lang alam kung ano’ng inaasahan mo sa ’kin. At ngayon wala na akong bahay o trabaho na babalikan.”

Good Lord. Kaya naman pala halos mag-breakdown ito. Natatakot ito na kapag nagkamali ay palalayasin niya. Tiningnan niya ang mga kamay nilang magkahawak. Sa pagkagulat niya, namalayan na lang niyang marahan niyang pinadaraan ang hinlalaki sa malambot na balat ng pupulsuhan nito. Pinuwersa niya ang sarili na tumigil sa ginagawa.

“Abby, sinabi ko nga na kailangan namin ng makakatulong sa bahay, pero hindi ko ibig sabihin na magiging alila ka dito. Magiging asawa kita. Hindi mo kailangang gumawa kung ayaw mo. Ito na ang bahay mo ngayon. Lahat ng nariyan ay sa ’yo. Ang pagkain, mga gamit, lahat. Wala kang ginawang mali at kahit magkamali ka pa, hindi kita paaalisin. Hindi mo kailangang magtrabaho minu-minuto. Gusto kong maging komportable ka dito, gawin mo iyong mga bagay na gusto mo. Halimbawa, kung puwede mong gawin ngayon ang kahit anong gusto mo, ano’ng gagawin mo?” Mabilis niyang idinagdag, “Bukod sa maglinis ng banyo, siyempre.”

Medyo ngumiti ito, pero kahit paano ay

nakatingin ito sa kanya ngayon. “Parang nakakahiya.”

“Ayos lang.”

“Hmm, gusto kong maglakad-lakad. Para lang makita kung ano’ng narito, alam mo ’yun? Iyong bahay pa lang at tractor shed ang nararating ko, eh.”

Sa isip ay sinipa ni Tate ang sarili. Naisip niya dapat iyon, at hindi na dapat naghintay na hilingin nito iyon. Pero ang totoo, hindi niya rin alam kung paano ito pakikibagayan. “Kaya kong gawin iyon.” Inalalayan niya itong makatayo.

“Sasamahan mo ako?”

Parang nagulat ito at nagkibit-balikat siya. “Wala naman akong importanteng gagawin. Ito-tour kita.” At kapag mas madalas silang nagkasama, mababawasan ang pagkailang nila sa isa’t isa. “Saan mo gustong mag-umpisa?”

“Hindi ko alam. Sa kuwadra?”

“Okay.” Binitawan niya ang kamay nito at namulsa habang naglalakad sila. “Nasa pastulan ang mga kabayo ngayon, pero baka bumalik iyong iba pag narinig tayo.” Iginiya niya ito paloob. Mas mapusyaw ang liwanag doon, hindi iyon gaanong naaabot ng papalubog na araw.

“Wala sila rito sa lahat ng oras?”

“Nandito sila kapag pinapakain at pinapaliguan sa umaga, at ibinabalik na sila sa pastulan maliban na lang kung kailangan namin sila.” Itinuro niya ang dulo ng kuwadra. “Iyon ang mga box stalls. Parang maternity ward. Pag malapit nang manganak ang inahing kabayo o baya, dinadala iyon sa box stall hanggang sa makapanganak. Mapupuno iyan sa sunod na linggo. May ilang baya na manganganak.”

“Ilang kabayo ba ang meron kayo?”

“*Tayo,*” diin niya sa salita, “mga tatlumpu’t lima. Karamihan ay babae. Sampu ang para sa trabaho sa rancho. Iyong isa, si Cody, palahian. Hindi mo siya makikita ngayon. Malayo ang pinagpapastulan sa kanya.”

Pagkaalis nila sa kuwadra, may binuksan siyang gate para makalabas sila, pagkatapos ay sumipol. Ilang kabayo ang dumating. Ang isa ay kulay itim na may puting marka sa mukha nito, lumapit iyon sa kanila, ang iba ay tila nakabantay lang.

“Ito si Diamond.” Hinawakan niya ang ulo ng hayop, pababa sa leeg nito. “Dito na siya sa rancho ipinanganak. Sa kanya ako natutong sumakay at ganoon din si Buddy.”

Napaatras si Abby nang magtakbuhan ang mga kabayo. “Nakita ko na sila mula sa malayo dati. Hindi ko inakala na malaki pala sila.”

“Huwag kang mag-alala, mabait si Diamond. Akin na ang kamay mo.” Ibinigay nito iyon at hinawakan niya ang pupulsuhan nito. “Itaas mo ang palad mo.” Inilagay niya iyon sa ilalim ng ilong ni Diamond. Ibinaba ng kabayo ang ulo, at banayad na nagpadaloy ng hangin sa balat ni Abby.

“Ang lambot niya! Parang velvet.” Nagkalakas ng loob na hinimas nito ang leeg ni Diamond. Nakatayo lang ang babaeng kabayo, nasisiyahan sa atensyon. “Ano itong nasa likod niya?”

“Putik,” napangiwing sagot niya. “Huwag mo nang itanong. Mahabang kuwento.”

Itinuloy ni Tate ang paglilibot sa dalaga sa rancho hanggang sa tuluyan nang dumilim ang paligid. Sinamahan sila ni Dog pauwi sa bahay at tumigil si Abby para haplusin ito.

“Basa siya.” Nagusot ang ilong nito at napangiti siya.

“Baka hinabol na naman niya iyong mga armadillo sa sapa. Pasalamat ka na lang at hindi mabahong hayop ang tinugis niya.” Malapit na sila

sa bahay. “Bukas ng hapon ipapakita ko sa ’yo ang buong lugar at dadalhin kita d’un sa creek. Maganda d’un kapag ganitong buwan.”

“Hindi mo ba kailangang magtrabaho?”

“Makakapag-day off naman siguro ako bukas, di pa ako malulugi.”

Ngumiti ito habang hawak niya ang pinto upang makapasok ito. “Sige, gusto kong makita ang creek.”

Parang may nadama siyang kakaiba sa loob niya. At hindi niya matiyak kung takot iyon o pananabik.

6

Takot iyon, tiniyak niya pagdating ng umaga. Wala pang isang oras ang itinulog niya nang nagdaang gabi. Salamat sa Diyos at sinabihan niya itong huwag magluto ng agahan. Baka maisuka niya lang iyon.

Naupo siya sa gilid ng kama at ibinaon ang mukha sa mga kamay niya. Tila ngayon lang talaga rumerehistro na totoong nasa bahay niya si Abby. Mababago ang buhay niya ngayong araw. Pakakasalan niya ang isang babae na hindi niya kilala at tatapusin niyon ang lahat ng pag-asa niyang makasama ang babae na habambuhay na niyang kasama.

Mali ba iyon? Talaga bang tatlong buhay ang sinisira niya sa halip na lumutas ng isang problema? Hindi niya alam at huli na ngayon para umatras. For better or worse, ito ang araw ng kasal niya. Nangako siya kay Abby na aalagaan niya ito at ang bata. Kailangan niyang tuparin ang pangakong iyon kahit ang ibig sabihin niyon ay habambuhay siyang makukulong sa isang kasal na walang pag-ibig.

Huminga si Tate nang malalim para kalmahin ang sarili, pagkatapos ay tumayo at nagtungo sa tokador. May maliit na kahita na nakapatong doon,

dinampot niya iyon at binuksan. Tila nililibak siya ng diamanteng singsing na naroon.

Si Diane mismo ang pumili niyon at hanggang ngayon ay binabayaran pa rin niya ang singsing. Nitong huli, parang mas matagal pa ang inilalagi ng singsing na iyon sa kahita kaysa sa daliri ni Diane. Ngayon, hindi na iyon muling maisusuot nito.

Isinara niya ang kahita at marahang itinabi iyon sa pinakaitaas na drawer ng tokador. Lumapit siya sa aparador at may hinanap doon. Asul ang kulay ng kahita, mas luma, kumupas na kasabay ng panahon. Medyo maganit nang buksan niya, may kaunting kalawang na ang mga bisagra.

Kumpara sa makintab at eleganteng singsing na inilaan niya para kay Diane, mukhang antigo ang hawak niya. Maliit ang diamante, white gold ang disenyo na nagbibigay ng ilusyon na maraming bato sa paligid niyon gayong wala naman. Dalawang henerasyon na ng mga babae sa pamilya nila ang nagsuot niyon, isa ang kanyang ina, isang bahagi niya ang umaasa na ang asawa niya ang pangatlo.

Pero hindi iyon nagustuhan ni Diane. Kaya nga nakatabi iyon sa aparador niya. Baka magamit ni Buddy balang araw. Sa ngayon, si Abby na ang magmamay-ari niyon. Dapat siguro ay iniabot na

niya rito ang engagement ring noong pumayag itong pakasal sa kanya, pero hindi niya kaagad naisip. Siguro ayaw lang niya talagang isipin.

Sinikap niyang itaboy si Diane mula sa utak niya, pero nagsusumiksik ito roon. Isang tawag lang at malalaman niya kaagad kung kasama nito si Clayton Caldwell, pero hindi niya magawa. Ni hindi niya gustong alamin. At mula ngayon, wala na siyang karapatang malaman kung sino ang kasama nito. Ang tanging dapat niyang alalahanin ngayon ay kung paano sasabihin dito ang tungkol kay Abby. May dalawang linggo pa siya.

Sumulyap siya sa orasan. Oras na para umalis. Inilabas niya ang engagement ring, at inilagay ang kahita sa bulsa ng kinuha niyang suit.

Naghihintay na si Buddy sa sala, casual ang suot nito dahil kailangan pa nitong bumalik sa klase pagkatapos ng kasal.

“Salamat sa pagtoka mo sa mga alaga natin ngayon.”

Ngumiti ang kapatid niya. “Okay lang. Kailangan mong maghanda, eh.” Pinasadahan siya nito ng tingin. “Ayos, ah. Ngayon lang kita nakitang bihis na bihis.”

“Puwes, magsawa ka na. Matagal bago mo ulit ako makitang ganito.” Pinadaan niya ang isang daliri sa ilalim ng kuwelyo. “Para akong sinasakal.”

“Hindi ka pa mamamatay.”

Napalingon silang pareho sa tunog ng mga yapak ni Abby sa hagdan. Nahagip ng tingin niya ang mahahaba nitong binti bago na napa-wow si Buddy sa kanyang tabi. Alam mismo ni Tate ang nararamdaman ng kapatid.

Mapusyaw na berde ang bestida ni Abby, umabot ang laylayan niyon sa itaas ng mga tuhod nito. Nabigyang-diin ng mataas na baywang ang dibdib nito. Hinayaan nitong nakalugay ang buhok, may taling kakulay ng damit nito na nakapalibot sa ulo para huwag maging sagabal ang makukulit na hibla sa mukha nito. Kung di lamang ito maputla, talagang napakaganda sana nito. Pero mukhang iyon talaga ang iniisip ni Buddy.

“Ang ganda mo!” anito.

“Salamat.” Namumula ito nang makababa sa hagdan.

“Iyong birth certificate mo?” tanong niya.

Iniabot ni Abby sa kanya ang isang nakatuping

papel, at inilagay niya iyon sa kanyang bulsa kasama ng birth certificate niya. Pinigilan niya ito nang simpleng lalampasan na siya.

Itinaas niya ang kamay nito at isinuot sa daliri nito ang engagement ring. Medyo maluwa, pero palagay niya ay hindi naman iyon mahuhulog. “Noon ko pa ito dapat ibinigay sa ‘yo.”

Nag-alala si Tate nang titigan nito nang matagal ang kamay. Paano kung hindi nito nagustuhan? “Okay na ba iyan?”

“Ang ganda,” anito. “Ito ang pinakamagandang singsing na nakita ko.”

“Kay Mama iyan,” sali ni Buddy. “Bago iyon, kay Lola muna. Parang naging tradisyon nang mapunta iyan sa asawa ng unang anak na lalaki.”

Iniangat ni Abby ang mga mata nito sa kanya, malinaw ang tanong. “Sigurado ka ba? Kung mas gusto mo itong itago, hindi ko naman talaga kailangan ng singsing.”

“Sigurado ako.”

Sandali pa nitong siniyasat ang mukha niya bago tumango. “Pag-iingat ko ito, pangako.”

Sinabi nito iyon na para bang ipinahihiram

lamang niya ang singsing. Hindi ba nito alam na ibinibigay na niya iyon dito? Lihim siyang napailing. “Handa ka na?”

“Oo.”

Nang buhayin niya ang makina ng sasakyan, paulit-ulit ang sinasabi ng utak niya na huli na ang lahat.

Pinanood ni Tate si Abby habang pinipirmahan nito ang huling dokumento, bago nito ibinalik iyon sa clerk. Inilagay iyon ng babae sa isang asul na sobre pagkatapos ay nakangiting ibinigay sa kanila.

“Congratulations at best wishes sa inyong dalawa,” anito.

“Salamat.” Kinuha niya ang mga papeles. “Saan ba ang opisina ng huwes?”

“Mga dalawang gusali lang mula dito ang opisina ni Judge Wilson, nasa kaliwa. Pulang building. Makikita n’yo iyon kaagad.”

Hinawakan niya si Abby sa kamay. Isinenyas niya sa nakaupong si Buddy na sumunod na sa kanila.

Tahimik silang naglakad patungo sa opisina ng

huwes. Sinikap ni Buddy na basagin ang katahimikan, pero napilitan itong tumigil nang mahalatang pareho nilang hindi maituon ang pansin dito.

Nag-angat ng tingin ang sekretarya nang lumapit sila sa mesa nito.

“Ano’ng maipaglilingkod ko?”

Itinuro niya si Abby. “Gusto naming magpakasal. Dito kami pinapunta n’ung clerk sa korte.”

Ngumiti ito sa kanya. “Ang mga papeles?”

Iniabot niya iyon dito at mabilis nitong inisa-isa iyon. “Mukhang okay na. Maupo muna kayo, ipapaalam ko lang kay Judge na ’andito kayo.”

Dinala nito ang mga papeles sa isa pang kuwarto at bumalik din kaagad. “Pakihintay lang. May kausap lang si Judge sa phone ngayon.”

Sumulyap siya kay Abby. Bigla niyang naisip na hindi lang marahil siya ang tumatalikod sa mga pangarap niya. Napilitan din ito sa kasalang magaganap, gaya niya. Biktima lang silang pareho ng mga pangyayari. Kailangan nilang pangatawanan iyon.

Sa kabila ng kanyang kaba, hinagip niyang muli ang kamay ni Abby at ipinaloob iyon sa

kanya. Nanlalamig ang mga daliri nito, at puno ng pasasalamat ang tinging ibinalik nito sa kanya. Inatake siya ng konsyensya. Wala itong kasalanan sa nangyari. Dapat niyang alalahanin iyon, ang mga pangangailangan nito ang dapat niyang intindihin sa halip na ang mga pangarap niya.

Tumunog ang telepono sa desk ng sekretarya at inangat nito iyon. “Yes, Sir? Ngayon din po.” Tumayo ito. “Sasamahan ko na kayo kay Judge.”

Humigpit ang hawak ni Abby sa kanya na parang di niya matatanggal iyon kahit subukan niya.

“Maaayos din ang lahat, Abby. Nangako ako, di ba?” bulong niya malapit sa tainga nito.

Marahan itong tumango at saka pa lang tumayo, nakahawak pa rin sa kamay niya.

Tumayo ang huwes nang pumasok sila bagaman nanatili sa likod ng mesa nito, pinasadahan ang hawak na papeles suot ang makapal na salamin sa mata.

“Sinong lalaki ang ikakasal?” Tumingin ito sa kanya at kay Buddy.

“Ako po,” tugon niya.

Tiningnan siya nito. “Mabuti. Joyce, kailangan ka

dito bilang second witness. Dito ka sa tabi ni... Abby. At ikaw,” anito kay Buddy, “sa tabi ni Tate.”

Inutusan sila nito na hawakan ang kamay ng isa’t isa.

Humarap siya kay Abby at kinuha ang isa nitong kamay, pinipilit na ituon ang isip sa mga mata nito at hindi sa mga tuhod niyang nanginginig.

“I do,” awtomatiko niyang sagot sa tanong ng huwes matapos siyang tapikin ni Buddy.

Inulit ng huwes ang tanong at narinig niya ang mahinang ‘I do’ ni Abby.

“May singsing ba?” tanong ng huwes.

Kinuha niya ang wedding ring mula sa kanyang bulsa at nagawa namang isuot iyon sa daliri ni Abby nang maayos.

“Sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng estado ng Texas,” taimtim na saad ni Judge Wilson, “Ngayon ay idinedeklara ko na kayong ganap na mag-asawa. You may kiss the bride.”

Oh, shit. Bakit ba hindi niya naisip kaagad na mangyayari ito? Ngayon ay umaasang nakatingin sa kanya si Buddy, ang sekretarya at ang huwes.

Sinulyapan niya si Abby. Naroon ang panic sa mukha nito. Mukhang hindi rin nito inaasahan na mangyayari ito.

Huminga siya nang malalim. Kaya niya ito. Mabilis na halik lang at magiging masaya na ang lahat.

Hindi niya inisip na posible pa iyong mangyari, pero nanlaki ang mga mata ni Abby nang ibaba niya ang ulo. *Mabilis lang*, pangako niya.

Naglapat ang mga labi nila at nakita niyang napapikit ito, ninamnam niya ang tamis at kainosentehang ilang linggo nang bumabagabag sa kanya. Nadarang ang mga labi niya sa init, nakalimot siya sa kabila ng pangako sa sarili. Nang iawang nito ang mga labi, nilaliman pa niya ang halik, hindi namalayang pumaikot na rito ang mga bisig niya at hinahapit na niya ito sa katawan niya.

Biglang may tumikhim at napakalas siya kay Abby, gulantang ang buong sistema. Ano bang kalokohan ang ginagawa niya? Mukhang gulat din si Abby sa nangyari, namula ang kanina ay maputla nitong mga pisngi.

Humarap siya sa huwes at iniabot dito ang kaukulang bayad, gayong ang totoo ay sinusubukan

niyang kontrolin ang katawan. Mabuti na lang at mahaba ang jacket niya. Sana lang ay itago niyon ang kanyang harapan.

“Hanap tayo ng restaurant,” ani Buddy nang makalabas sila. “Nagugutom na ako.”

Tama. Puwede niyang itago ang ‘kondisyon’ niya sa ilalim ng mesa. Iyon ang kailangan niya ngayon. At isang tub na puno ng nagyeyelong tubig.

Muling napatingin si Abby sa mga singsing na suot nang pumarada ang sasakyan sa harap ng bahay. Totoo na talaga. Kasal na sila at hindi na babalik sa dati ang buhay niya.

Nang patayin nito ang makina, napatingin siya kay Tate, derecho sa bibig nito. Hindi niya talaga inaasahan ang paghalik na ginawa nito kanina. Parang kumikibot pa rin ang mga labi niya at parang gusto niyang hawakan iyon ng kanyang mga daliri para tumigil.

Hinalikan siya nito noong gabing may nangyari sa kanila. Maraming beses. Hindi niya maipaliwanag, pero iba iyon. Hindi nga niya sigurado kung nagustuhan niya talaga ang mga halik nito nang gabing iyon. Pero nagustuhan niya ang ginawa nito

kaninang umaga. Hindi na masama kung maulit pa iyon.

Pinutol nito ang daloy ng isip niya. “Itatago ko lang itong mga papeles. Babalik ako para makapamasyal tayo d’un sa creek.”

“Hindi ba dapat magpalit muna ako?”

Pinasadahan siya nito ng tingin. “Hindi na. Hindi ko yata nasabi sa ’yo kanina, pero ang ganda mo ngayon, Abby.” Nasa pinakababang baitang ito ng hagdan.

“Salamat,” nahihiya niyang saad, may nadamang kasiyahan sa loob.

Pinanood niya itong pumasok sa bahay at binalingan ang papalapit na aso. “Narinig mo ba iyon, Dog?” bulong niya, hinahaplos ang tainga nito. “Maganda raw ako. Wala pang nagsabi n’un dati.”

Tumahimik siya nang bumalik si Tate. Inalis nito ang suit jacket at tie, at inirolyo lamang ang sleeves ng shirt nito hanggang siko.

“Dito tayo.”

Umagapay siya rito. “Buong buhay mo dito ka na nakatira?”

“Oo. Dito ako ipinanganak, doon sa kuwartong tinutulugan mo. Ganoon din ang tatay ko.” Binagalan ni Tate ang paglakad para kay Abby. “Lolo ko ang nagpagawa n’ung original na bahay. Si Dad na lang ang nagdagdag nang makasal sila ni Mama.”

“Maganda iyong bahay. Masuwerte ka, alam mo.” Bumunot siya ng damo at nilaro iyon sa mga daliri.

“Bakit ako masuwerte?”

Nagkibit-balikat siya. “Lumaki ka sa ganyang bahay, may totoong pamilya. May roots kayo rito at bawat henerasyon na nagdaraan lalong lumalalim iyon. Sa inyo ang lugar na ito, kahit ano pa ang mangyari.”

Hinawi ni Tate ang isang nakayungyong na sanga para makadaan siya. Mas naririnig na niya ang daloy ng tubig ngayon. Tinalunton niya ang daan sa pagitan ng mga puno at narating niya ang madamong gilid ng creek. Tumatagos ang sinag ng araw sa lugar, dahil sa mga dahon, nagkukulay-berde ang tubig. Sumasayaw ang tubig sa ibabaw ng makikintab na mga bato, ginagawang maitim at misteryoso ang mga iyon.

Naramdaman niyang tumigil si Tate sa kanyang tabi. “Alam ko na ngayon kung bakit gusto mong mangisda. Ang tahimik dito, parang nasa simbahan.”

“Magandang lugar ito pag gusto mong mag-isip.” Naupo ito sa damuhan at tumingin sa kanya. “Nagsisimba ka?”

“Hindi sa ganoon.” Naupo siya. “Noong maliit ako, may church group na nagpapadala ng bus kapag summer vacation para sa Bible school. Isinasama nila ako. Sa Tennessee iyon kung di ako nagkakamali. Palipat-lipat kasi kami.”

Nahiga si Tate at inunan ang mga bisig nito. “Bakit?”

“Hindi ko alam.” Nakahanap siya ng bato at inihagis iyon sa creek, pinanood ang tumalsik na tubig. “Siguro di mapakali si Mama sa isang lugar. Hindi niya kayang manatili sa isang lugar nang matagal.”

Pinag-aralan nito ang mukha niya. “Kaya ba hindi ka nakatapos ng high school?”

“Hindi. Paglipat kasi namin dito, nagkasakit si Mama. Hanggang sa lumala na siya. Ang state ang nagbayad ng medical bills niya, pero nang masiguro nilang terminal ang case niya, pinauwi na rin siya. May nurse naman na bumibisita araw-araw para ibigay ang gamot niya, pero kailangan niya ng mag-aalaga sa kanya. Kaya tumigil na lang ako sa pag-

aaral para mabantayan siya.”

“Mahirap siguro iyon.”

“Mahirap?” Tumitig siya sa tubig. “Parang hindi ko na iyon naisip. Kailangan iyong gawin at walang ibang gagawa kundi ako.” Tumingin siya sa katabi. “Ilang taon ang tanda mo kay Buddy?”

“Thirteen na ako nang ipanganak siya.”

“Bakit ang tagal bago ulit nag-anak ang parents mo?”

“Hindi naman iyon sinasadya. Pareho nilang gusto ng maraming anak, pero hindi nangyari. Matanda na sila nang dumating si Buddy at palagay ko nasorpresa talaga sila. Isang magandang sorpresa. Tuwang-tuwa sila.” Itinukod nito ang isang siko. “Ilang taon ka na?”

“Twenty-three.”

“Mas bata kang tingnan.”

Tumango siya at tiningnan ang kanyang mga kamay. “Alam ko. Dahil doon at dahil wala akong diploma kaya mahirap para sa ’kin na makahanap ng trabaho. Si Pete lang ang tumanggap sa ’kin at ipinadala pa talaga niya ang birth certificate ko. Mawawala daw ang liquor license niya kung hindi

niya mapapatunayan na wala pa akong twenty-one.”

“Kaya ba kumukuha ka ng G.E.D? Para makakuha ng mas magandang trabaho?”

“Parang ganoon. Iniisip ko, tatanggapin ako ng isa sa mga pabrika malapit sa Austin nang full-time. Pero kailangan ko muna iyong diploma.”

“Pabrika.” Flat ang tono nito at parang nakaramdam siya ng pagkainis.

“Walang masama sa pagtatrabaho sa pabrika. Maraming gumagawa n’un.”

“Pero hindi sila kasing-liit mo. Papatayin ka ng trabaho sa pabrika sa loob lang ng isang buwan.”

“Hindi iyon mangyayari. Malusog ako at mas malakas ako kaysa sa nakikita mo.”

“Naalala ko lang.” Tumayo na ito. “Bumalik na tayo sa bahay. Tumawag ka at makipag-appointment sa doktor.”

Tumayo siya. “Wala akong kilalang doktor.”

“Gamitin mo iyong phone book. Halika na, tingnan natin.”

Inilahad nitong muli ang palad at sa pagkakataong iyon walang pag-aatubiling tinanggap iyon ni Abby.

What Price Paradise - Katherine Allred

Nasasanay na yata siya sa hawak nito.